**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2025 MEMORIAL DAY BLENDING CONFERENCE**

**Ang Biblia ay isang pag-iibigan,
Sa pinakadalisay at pinakabanal na pakahulugan,
ng isang pansansinukob na mag-asawa—ang Diyos sa loob ni Kristo bilang Kasintahang lalaki
at ang tinubos na bayan ng Diyos bilang kasintahang babae—
ang gol ng pagbabawi ng Panginoon.**

**Ang pangunahing gawain ng Panginoon sa pagbabawi
ay ang Kanyang tunay na gawain na ihanda tayo
upang maging Kanyang maluwalhating kasintahang babae;
hiwalay sa patuloy, pandisposisyong pagpapabanal na binanggit sa Efeso 5:26,
walang paraan para maging handa ang kasintahang babae at, dahil dito,
walang paraan na maisakatuparan ang Apocalipsis 19:7-9.**

**Sa pagkakagamit sa Bagong Tipan, ang salitang *gumulang* ay tumutukoy
sa pagiging ganap na lumago at napasakdal ng mga mananampalataya sa buhay ni Kristo,
na kanilang natanggap sa panahon ng pagkasilang na muli.**

**Ang pagbabawi ng Panginoon ay para sa paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo;
sa katapus-tapusan, maiwawangis tayo sa kahanga-hangang Shulamita,
na, bilang duplikasyon ni Solomon, ay ang pinakadakila at sukdulang larawan
ng Bagong Herusalem bilang kapareha, kasintahang babae, ni Kristo.**

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Memorial Day Blending Conference**
**Mayo 23-26, 2025**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG PAGHAHANDA NG KASINTAHANG BABAE**

Mensahe Isa

## Ang Kasintahang babae—ang Gol ng Pagbabawi ng Panginoon

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 19:7-9; Juan 1:29; 3:29; A. A. 1:2-3; 8:14

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Juan 1:29**—Kinabukasan, nakita niya si Hesus na lumalapit sa kanya at nagsabi, Masdan, ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!

**Juan 3:29**—Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

**A. A. 1:2-3**—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig, [3]ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; langis na ibinuhos ang pangalan mo; kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa iyo.

**A. A. 8:14**—Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa mga bundok ng mga pabango.

**I. Ang Biblia ay isang pag-iibigan, sa pinakadalisay at pinakabanal na pakahulugan, ng isang pansansinukob na mag-asawa—ang Diyos sa loob ni Kristo bilang Kasintahang lalaki at ang tinubos na bayan ng Diyos bilang kasintahang babae—Juan 3:29; Mat. 25:6; Apoc. 19:7; 21:2; 22:17:**

**Juan 3:29**—Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

**Mateo 25:6**—Subalit nang hatinggabi na ay may isang sigaw, Narito, ang kasintahang lalaki! Lumabas kayo upang salubungin siya!

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 22:17**—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

A. Sa buong itinagal ng mga siglo ang Diyos ay nagkaroon ng pakikipag-ibigan sa tao; nilikha Niya ang tao na may layuning magkaroon ng kapareha—Gen. 1:26.

**Gen. 1:26**—Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

B. Ang Diyos ay isang mangingibig, at nilikha Niya ang tao sa larawan ng Kanyang sarili bilang isang mangingibig; nangangahulugan ito na nilikha Niya tayo nang sa gayon ay ibigin natin Siya—Marc. 12:30; Efe. 3:14-19.

**Marc. 12:30**—At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pag-iisip mo at mula sa buong lakas mo."

**Efe. 3:14-19**—Dahil dito ay iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama, [15] Na mula sa Kanya ang bawat pamilya sa kalangitan at sa lupa ay pinangalanan, [16]Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig, [18]Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim [19]At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos.

C. Ang buong Biblia ay isang dibinong pag-iibigan, at ang Awit ng mga Awit ay isang pinaikling anyo ng pag-iibigang ito—1:2-3; 8:14:

**A. A. 1:2-3**—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig, [3]ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; langis na ibinuhos ang pangalan mo; kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa iyo.

**A. A. 8:14**—Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa mga bundok ng mga pabango.

1. Ang Biblia ay isang romantikong aklat, at ang ating relasyon sa Panginoon ay dapat maging higit at higit pang romantiko.
2. Kung walang pag-iibigan sa pagitan natin at ng Panginoong Hesus, kung gayon ay mga relihiyoso tayong Kristiyano, hindi mga romantikong Kristiyano—A. A. 1:2-3.

   **A. A. 1:2-3**—Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig, [3]ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; langis na ibinuhos ang pangalan mo; kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa iyo.

3. Ang *pag-iibigan* ay isang salita ng dibinong pagliligawan; makikita natin sa Biblia na hinahangad ng Diyos ang ating pag-ibig—2 Cor. 11:2.

   **2 Cor. 11:2**—Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap *kayo bilang* isang dalisay na birhen kay Kristo.

4. Ang Awit ng mga Awit ay higit pa sa isang pag-iibigan; ito ay isang kagila-gilalas na pag-iibigan.

D. Anumang iniibig natin, ang ating buong puso, maging ang ating buong katauhan, ay nakatuon at naookupahan at naaangkin nito—1 Tim. 6:10-11; 2 Tim. 3:2-4; 4:8, 10a; Tito 1:8:

**1 Tim. 6:10-11**—Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay isang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan, *ang dahilan kaya't* ang ilan na nagha-hangad *ng salapi* ay napalayo sa pananampalataya at pinahirapan ang kanilang sarili ng maraming pasakit. [11]Ngunit ikaw, O tao ng Diyos, tumakas ka sa mga bagay na

ito, at habulin mo ang katuwiran, ang pagkamakadiyos, ang pananampalataya, ang pag-ibig, ang pagtitiis, ang kaamuan.

**2 Tim. 3:2-4**—Sapagkat ang mga tao ay magiging mga mangingibig ng sarili, mga mangingibig ng salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mga mapanlait, mga masuwayin sa magulang, mga di-mapagpasalamat, mga walang kabanalan, [3]Mga walang likas na pagmamahal, mga hindi mapa-lubag-loob, mga mapanirang-puri, mga walang pagpipigil sa sarili, mababangis, mga di-mangingibig ng mabuti, [4]Mga traydor, mga padalos-dalos, mga binulag ng kapalaluan, mga mangingibig ng kasiyahan sa halip na mga mangingibig ng Diyos.

**2 Tim. 4:8**—Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

**2 Tim. 4:10a**—Sapagkat ako ay pinabayaan ni Demas, palibhasa'y iniibig niya ang kasalukuyang kapanahunan, at pumunta sa Tesalonica.

**Tito 1:8**—Kundi mapagpatulóy, mangingibig ng kabutihan, mahinahon ang kaisipan, matuwid, banal, mapagpigil sa sarili.

1. "Ang ibigin ang Diyos ay nangangahulugang ituon ang ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan, kalakip ang puso, kaluluwa, kaisipan, at kalakasan (Marc. 12:30)—nang lubusan sa Kanya, yaon ay, hayaan ang ating buong katauhan na maokupahan Niya at mahibang sa Kanya" (talababa 3 sa 1 Cor. 2:9).
   **Marc. 12:30**—At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pag-iisip mo at mula sa buong lakas mo

   **1 Cor. 2:9, talababa 3**—Ang matanto at makalahok sa malalalim at nakakubling bagay na itinalaga at inihanda ng Diyos para sa atin ay humihiling sa atin na hindi lamang sumampalataya sa Kanya bagkus ibigin din Siya. Ang matakot sa Diyos, ang sambahin ang Diyos, at ang sumampalataya sa Diyos (yaon ay, ang tanggapin ang Diyos) ay pawang di-sapat; ang ibigin Siya ay ang kahingiang hindi maaaring mawala. Ang ibigin ang Diyos ay nangangahulugang ituon ang ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan, kalakip ang puso, kaluluwa, kaisipan, at kalakasan (Marc. 12:30)—nang lubusan sa Kanya, yaon ay, hayaan ang ating buong katauhan na maokupahan Niya at mahibang sa Kanya, upang maging lahat-lahat Siya sa atin at tayo'y praktikal na kaisa Niya sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa ganitong paraan ay mayroon tayong pinakamalapit at pinakamatalik na pakikipagsalamuha sa Diyos, at makapapasok tayo sa Kanyang puso at mauunawaan ang lahat ng lihim nito (Awit 73:25; 25:14). Kaya, hindi lamang natin natatanto bagkus nararanasan, natatamasa, at lubusang nakalalahok sa malalalim at nakakubling bagay na ito ng Diyos.

2. Ang ibigin ang Panginoong Hesus ay ang pahalagahan Siya, ang idirekta ang ating katauhan sa Kanya, ang magbukas sa Kanya, ang magtamasa sa Kanya, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto, ang maging kaisa Niya, ang ipamuhay Siya, at ang maging Siya—Mat. 26:6-13; 2 Cor. 3:16; Marc. 12:30; Col. 1:18; 1 Cor. 6:17; Phil. 1:20-21; *Mga Himno,* #477, saknong 2.
   **Mat. 26:6-13**—Ngayon nang si Hesus ay nasa Betania, sa bahay ni Simon na ketongin, [7]Lumapit sa Kanya ang isang babae na may dalang alabastrong sisidlan ng mamahaling ungguwento, at ibinuhos niya *ito* sa Kanyang ulo habang Siya ay nakahilig *sa dulang*. [8]Subalit nang makita *ito* ng mga disipulo, nagalit sila, na nagsasabi, Bakit may ganitong pag-aaksaya? [9]Sapagkat maipagbibili sana ito sa malaking halaga at maibibigay sa mga dukha. [10]Subalit nang malaman *ito* ni Hesus, sinabi Niya sa kanila, Bakit ninyo ginugulo ang babae? Gumawa siya ng isang marangal na gawa sa Akin. [11]Sapagkat lagi ninyong kasama ang mga dukha, subalit Ako ay hindi ninyo laging kasama. [12]Sapagkat sa pagbubuhos niya ng ungguwentong ito sa Aking katawan, ginawa niya *ito* para sa Aking libing. [13]Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Saanman ipahayag ang

ebanghelyong ito sa buong sanlibutan, ang ginawa ng babaeng ito ay sasaysayin din bilang pag-alaala sa kanya.

**2 Cor. 3:16**—Ngunit sa tuwing bumabaling *ang kanilang puso* sa Panginoon, ang talukbong ay naaalis.

**Marc. 12:30**—At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pag-iisip mo at mula sa buong lakas mo.

**Col. 1:18**—At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

**1 Cor. 6:17**—Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang espiritu.

**Fil. 1:20-21**—Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan.
21Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

***Hymns,* #477, stanza 2**
Anong mahal mo nga,
Magiging gayon ka;
Diyos, kung Diyos mahal mo
Lupa, kung gusto mo.
Sarili'y lisanin,
Diyos iyong papasukin,
Ikaw ay mamatay
Nang Siya ay mabuhay.

**II. Inihahayag ng Apocalipsis 19:7-9 si Kristo bilang Kasintahang lalaki:**

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.
8At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. 9At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

A. Ang kasal ng Kordero ay ang kinalabasan ng kakumpletuhan ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, na siyang magtamo ng isang kasintahang babae para kay Kristo, ang ekklesia, sa pamamagitan ng Kanyang pambatas na pagtutubos at sa pamamagitan ng organikong pagliligtas sa loob ng Kanyang dibinong buhay—Gen. 2:22; Roma 5:10; Apoc. 19:7-9; 21:2, 9-11

**Gen. 2:22**—At ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**Roma 5:10**—Sapagkat kung tayo, na mga kaaway, ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. 8At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat

ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9-11**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

B. Ang kasintahang babae ni Kristo sa Apocalipsis 19 ay binubuo ng lahat ng mandaraig—bb. 7-9; cf. Gen. 2:22; Mat. 16:18.

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Cf. Gen. 2:22**—At ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**Mat. 16:18**—At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

C. Lahat ng mandaraig ay magiging ang Bagong Herusalem bilang kasintahang babae ni Kristo sa loob ng sanlibong taon sa panimula at sariwang yugto nito—Apoc. 19:7.

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

D. Sa kalaunan, ang lahat ng mananampalataya ay makikiisa sa mga mandaraig upang pasukdulin at kumpletuhin ang Bagong Herusalem sa kabuoan nito bilang asawa ni Kristo sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan—21:2, 9-11.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9-11**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

## III. Ang kasintahang babae ay ang gol ng pagbabawi ng Panginoon—19:7-9:

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

A. “Dumating na ang kasal ng Kordero”—b. 7b:

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

1. Sa simula ng kanyang Ebanghelyo, nagsasalita si Juan hinggil sa Kordero at sa Kasintahang lalaki, at sinasabi niya sa Apocalipsis na dumating na ang kasal ng Kordero—Juan 1:29; 3:29.
   **Juan 1:29**—Kinabukasan, nakita niya si Hesus na lumalapit sa kanya at nagsabi, Masdan, ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!

   **Juan 3:29**—Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

2. Pagkatapos ng raptyur ng karamihan sa mga banal (Apoc. 14:16; 1 Tes. 4:15-16) at ng paghahatol sa luklukan ng paghahatol ni Kristo para sa pagbibigay ng gantimpala (Apoc. 11:18; 2 Cor. 5:10), ang mga pangyayari na kaagad na sumunod ay dapat na kabilang ang kasal ng Kordero (Apoc. 19:7b):
   **Apoc. 14:16**—At inihagis Niya na nakaupo sa ulap ang Kanyang karit sa lupa, at nagapasan ang lupa.

   **1 Tes. 4:15-16**—Sapagkat sinasabi namin ito sa inyo sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na tayong nabubuhay, na natitira hanggang sa pagdating ng Panginoon, ay hinding-hindi mauuna sa mga natutulog; [16]Sapagkat ang Panginoon Mismo, na may isangasigaw ng pag-uutos, may tinig ng arkanghel at may trumpeta ng Diyos, ay bababa mula sa langit, at ang mga namatay kay Kristo ay unang babangon.

   **Apoc. 11:18**—At nagalit ang mga bansa, at dumating ang Iyong poot, at ang panahon ay dumating upang hatulan ang mga patay, at *ang panahon* upang ibigay ang gantimpala sa Iyong mga alipin na mga propeta at sa mga banal at sa mga natatakot sa Iyong pangalan, sa maliliit at malalaki, at upang puksain ang mga pumupuksa sa lupa.

   **2 Cor. 5:10**—Sapagkat tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harap ng luklukan ng paghahatol ni Kristo, upang makatanggap ang bawat isa ng mga bagay *na ginawa* sa pamamagitan ng katawan ayon sa kanyang ginawa, mabuti man o masama.

   **Apoc. 19:7b**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

   a. Kung gagantimpalaan tayo sa luklukan ng paghahatol ni Kristo, makalalahok tayo sa piging ng kasalan.
   b. Kung hindi tayo gagantimpalaan kundi ay hindi inaprobahan ng Panginoon, hindi tayo mapapahamak ngunit magdurusa ng kalugihan tulad ng inilarawan sa 1 Corinto 3:15.
      **1 Cor. 3:15**—Kung ang gawa ng sinuman ay matutupok, siya ay malulugi, subalit siya mismo ay maliligtas, lamang ay gaya ng dumaan sa apoy.

B. "Ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili"—Apoc. 19:7c:
**Apoc. 19:7c**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

1. Ang *Kanyang asawa* ay tumutukoy sa ekklesia (Efe. 5:24-25, 31-32), ang kasintahang babae ni Kristo (Juan 3:29).
   **Efe. 5:24-25**—Subalit kung paanong ang ekklesia ay nagpapasakop kay Kristo, gayundin naman ang mga asawang babae ay *magpasakop* sa kanilang asawang lalaki sa lahat ng bagay. [25]Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya

   **Efe. 5: 31-32**—Dahil dito ay iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina at pipisan sa kanyang asawang babae, at ang dalawa ay magiging isang laman. [32]Ang hiwagang ito ay dakila, subalit ako ay nagsasalita tungkol kay Kristo at sa ekklesia.

   **Juan 3:29**—Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

2. Ayon sa Apocalipsis 19:8-9, ang asawa, ang kasintahang babae ni Kristo, ay binubuo lamang ng mga nananaig na mananampalataya sa panahon ng milenyum, samantalang ang kasintahang babae, ang asawa, sa 21:2 ay binubuo ng lahat ng naligtas na banal pagkatapos ng milenyum sa kawalang-hanggan.
   **Apoc. 19:8-9**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

   **Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

3. Ang pagiging handa ng kasintahang babae ay nakadepende sa paggulang sa buhay ng mga mandaraig—19:7; Heb. 6:1; Fil. 3:12-15; Efe. 4:13.
   **Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

   **Heb. 6:1**—Kaya't iniiwan ang salita ng panimula ni Kristo, hayaang madala tayo sa paggulang, na hindi muling naglalagay ng pundasyon ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at ng pananampalataya sa Diyos.

   **Fil. 3:12-15**—Hindi sa ako ay nakapagkamit na o ngayon ay napasakdal na, kundi naghahabol ako, baka matanganan ko nga yaong ikinatatangan naman sa akin ni Kristo Hesus. [13]Mga kapatid, hindi ko inaaring ako ay nakatangan na; ngunit isang bagay *ang ginagawa ko:* Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa unahan, [14]Naghahabol ako tungo sa gol para sa gantimpala na ukol dito ang Diyos sa loob ni Kristo Hesus ay pataas *akong* tinawag. [15]Kaya nga, tayong lahat na mga ganap nang lumago ay magkaroon ng ganitong kaisipan; at kung sa anuman ay nagkakaiba kayo ng iniisip, ito rin ay ihahayag ng Diyos sa inyo.

   **Efe. 4:13**—Hanggang sa marating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang *pagiging* ganap na lumagong tao, ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.

4. Kailangan nating gayakan at pasukdulin ang Bagong Herusalem bilang kasintahang babae ni Kristo sa pamamagitan ng Diyos Ama bilang ginto, ng Diyos Anak bilang perlas, at ng Diyos Espiritu bilang mga mahalagang bato—Apoc. 21:2, 19a; 1 Cor. 3:12; A. A. 1:10-11.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang abanal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:19a**—Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat *isang* mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda;

**1 Cor. 3:12**—Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan,

**A. A. 1:10-11**—Pinagaganda ng mga pahiyas ang iyong mga pisngi ang iyong leeg ng mga kuwintas na palamuti. **11** Igagawa ka namin ng mga gintong kuwintas, na may mga pilak na pahiyas.

5. Ang mga mandaraig ay hindi magkakahiwalay na indibidwal kundi isang sama-samang kasintahang babae.
6. Ang mga mandaraig ay hindi lamang gumulang sa buhay bagkus ay sama-sama ring itinatayo bilang isang kasintahang babae.

C. "At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal"—Apoc. 19:8:
**Apoc. 19:8**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

1. Ang *malinis* ay tumutukoy sa kalikasan, at ang *maningning* ay tumutukoy sa kahayagan.
2. Ang salitang Griyego na isinaling "mga katuwiran" ay maaari ding isaling "matutuwid na gawa."
3. Ang mga katuwiran ay hindi tumutukoy sa katuwiran na natanggap natin para sa ating kaligtasan—1 Cor. 1:30.
   **1 Cor. 1:30**—Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

4. Ang katuwirang natanggap natin para sa ating kaligtasan ay obhektibo at nagbibigay-kakayahan sa ating matugunan ang kahingian ng matuwid na Diyos, samantalang sa Apoc. 19:8 ang mga katuwiran ng mga nananaig na banal ay subhektibo (Fil. 3:9) at nagbibigay-kakayahan sa kanilang matugunan ang kahingian ng nananaig na Kristo.
   **Apoc. 19:8**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

   **Fil. 3:9**—At masumpungan sa loob Niya, na hindi tinataglay ang sarili kong katuwiran na mula sa kautusan, kundi yaong sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwiran na mula sa Diyos *at* batay sa pananampalataya.

5. Sa gayon, ipinahihiwatig ng pinong lino ang ating nananaig na buhay, ang ating nananaig na pamumuhay; ito ang Kristo na ating ibinubuhay mula sa ating katauhan.

D. "Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero…Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos"—Apoc. 19:9:
**Apoc. 19:9**—At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

1. Ang pangkasalang hapunan ng Kordero ay ang piging ng kasalan, ang kaharian ng sanlibong taon, na isang araw lamang sa mga mata ng Diyos, bilang gantimpala sa mga nananaig na mananampalataya—b. 9; Mat. 22:2, 11-14; 2 Ped. 3:8.
   **Apoc. 19:9**—At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

   **Mat. 22:2**—Ang kaharian ng kalangitan ay naging katulad ng isang hari na naghanda ng piging ng kasalan para sa kanyang anak na lalaki.

   **Mat. 22:11-14**—Subalit nang pumasok ang hari upang tingnan ang mga nakahilig sa *dulang*, nakita niya roon ang isang taong hindi nakasuot ng damit pangkasal, 12At sinabi niya sa kanya, Kaibigan, paano ka nakapasok dito nang hindi nakadamit pangkasal? At hindi siya nakapag-salita. 13Pagkatapos ay sinabi ng hari sa mga lingkod, Gapusin ninyo ang kanyang mga paa at mga kamay, at itapon siya sa kadiliman sa labas. Sa lugar na iyon ay magkakaroon ng pag-tangis at ng pagngangalit ng mga ngipin. 14Sapagkat marami ang tinawag subalit kakaunti ang mga pinili.

   **2 Ped. 3:8**—Ngunit huwag ninyong hayaang hindi ninyo mapansin ang isang bagay na ito, mga minamahal, na sa Panginoon ang isang araw ay katulad ng sanlibong taon at ang sanlibong taon ay katulad ng isang araw.

2. Ang maging inanyayahan sa pangkasalang hapunan ni Kristo, na maghahatid sa mga nananaig na mananampalataya tungo sa pagtatamasa sa milenyum, ay ang maging pinagpala—Apoc. 19:9.
   **Apoc. 19:9**—At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

3. Ang pangkasalang hapunan ng Kordero sa Apocalipsis 19:9 ay ang piging ng kasalan sa Mateo 22:2; magiging isang gantimpala ito sa mga nananaig na mananampalataya:
   **Apoc. 19:9**—At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

   **Mat. 22:2**—Ang kaharian ng kalangitan ay naging katulad ng isang hari na naghanda ng piging ng kasalan para sa kanyang anak na lalaki.

   a. Ang maging tinawag ay ang tumanggap ng kaligtasan (Roma 1:7; 1 Cor. 1:2; Efe. 4:1), samantalang ang maging pinili ay ang tumanggap ng gantimpala.
      **Roma 1:7**—Sa lahat ng nasa Roma, mga minamahal ng Diyos, mga banal na tinawag: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Hesu-Kristo.

      **1 Cor. 1:2**—Sa ekklesia ng Diyos na nasa Corinto, sa mga pinabanal kay Kristo Hesus, ang mga banal na tinawag, kasama ang lahat ng yaong sa bawat dako ay tumatawag sa pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, *na* kanila at atin.

      **Efe. 4:1**—Kaya't namamanhik ako sa inyo, ako, na bilanggo sa loob ng Panginoon, na kayo ay lumakad nang karapat-dapat sa pagtawag na sa inyo ay itinawag.

   b. Tanging ang mga mandaraig ang aanyayahan sa pangkasalang hapunan bilang isang gantimpala sa kanila; hindi lahat ng naligtas ay lalahok dito.
   c. Ang mga nananaig na mananampalataya, na aanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero, ay magiging ang kasintahang babae rin ng Kordero—Apoc. 19:8-9.
      **Apoc. 19:8-9**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. 9At sinabi niya sa

akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

Mensahe Dalawa

## Ang Pagtatayo ng Kasintahang babae

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 1:26; 2:7-10, 18-25; Apoc. 19:7-9; 21:9-11

**Gen. 1:26—**Sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

**Gen. 2:7-10—**At nilalang ni Jehovah na Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang mga
butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa. 8Naglagay ni
Jehovah na Diyos ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya roon ang taong Kanyang
nilalang. 9At pinatubo ni Jehovah na Diyos sa lupa ang lahat ng punungkahoy na nakakalugod sa
paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang
punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama. 10May isang ilog na lumabas mula sa Eden upang
diligin ang halamanan, at mula roo'y nahati at naging apat na ilog.

**Gen. 2:18-25—**At sinabi ni Jehovah na Diyos, "Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa
Ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya." 19Kaya't mula sa lupa ay nilalang ni Jehovah na Diyos
ang lahat ng hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at dinala sa lalaki upang malaman
kung anong itatawag niya sa mga iyon. At anuman ang itawag ng lalaki sa bawat buháy na nilalang ay
siyang pangalan nito. 20At pinangalanan ng lalaki ang lahat ng hayop at ang mga ibon sa himpapawid,
at ang bawat hayop sa parang; subalit para sa lalaki ay walang nakitang katuwang na nababagay para
sa kanya. 21Kaya't pinatulog nang mahimbing ni Jehovah na Diyos ang lalaki, at habang siya'y natutulog,
kinuha Niya ang isa sa kanyang mga tadyang at pinaghilom ang laman sa lugar na iyon; 22at ang tadyang
na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki. 23At sinabi ng
lalaki, "Sa wakas, ito'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman. Siya'y tatawaging Babae,
sapagkat sa Lalaki siya kinuha." 24Kaya't iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at
pumipisan sa kanyang asawa; at sila'y nagiging isang laman. 25Ang lalaki at ang kanyang asawa ay
kapwa hubad, ngunit sila'y hindi nahihiya.

**Apoc. 19:7-9—**Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian,
sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.
8At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang
pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. 9At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga
inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na
salita ng Diyos.

**Apoc. 21:9-11—**At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong
huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang
asawa ng Kordero. 10At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at
ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos,
11Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya
ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

**I. Ang pagtatayo ng Diyos ang sentrong bagay sa buong Biblia; ang kasintahang babae ni Kristo ay ang pagtatayo ng Tres-unong Diyos—"ang tadyang na kinuha ni [Jehovah na Diyos] sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki"—Gen. 2:22:**

**Gen. 2:22**—At ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

A. Ang buong Biblia ay maaaring ihalintulad sa isang manwal sa pagtatayo; ang pahayag hinggil sa halamanan ng Eden, bilang simula ng dibinong pahayag sa mga Banal na Kasulatan, at ang pahayag hinggil sa Bagong Herusalem, bilang katapusan ng dibinong pahayag sa mga Banal na Kasulatan, ay sumasalamin sa isa't isa.

B. Ang inihahayag sa dalawang bahaging ito ng mga Kasulatan ay ang sentrong kaisipan ng Diyos, ang sentrong linya ng dibinong pahayag, at isang nagkokontrol na prinsipyo sa pagpapaliwanag at pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan:

1. Ang Genesis 1 at 2 ay mga *blueprint* ng organikong arkitektural na plano ng Diyos upang magkaroon ng Kanyang dibinong pagtatayo (Heb. 11:10); ang nais ng Diyos ay ang itayo si Kristo tungo sa ating intrinsikong pagkakabuo nang sa gayon ang ating buong katauhan ay mabuoang muli ni Kristo; sa ganitong paraan, maaaring matamo ng Diyos ang isang sama-samang tao upang ihayag Siya sa Kanyang larawan at ikatawan Siya gamit ang Kanyang awtoridad (Gen. 1:26; 1 Cor. 3:9; Mat. 16:18; 2 Sam. 7:12-14a).

   **Heb. 11:10—**Sapagkat sabik niyang hinintay ang lunsod na may mga pundasyon, na ang Arkitekto at Tagapagtayo ay ang Diyos.

   **Gen. 1:26—**Sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **1 Cor. 3:9—**Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

   **Mat. 16:18—**At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

   **2 Sam. 7:12-14a—**Kapag ang iyong mga araw ay naganap na at ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga ninuno, aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong katawan, at aking itatatag ang kanyang kaharian. 13 Siya'y magtatayo ng bahay para sa aking pangalan, at aking itatatag ang trono ng kanyang kaharian magpakailanman. 14 Ako'y magiging kanyang ama at siya'y magiging aking anak. Kapag siya'y gumawa ng kasamaan, parurusahan ko siya ng pamalo ng mga tao, at ng panghampas ng mga anak ng mga tao.

2. Ang Apocalipsis 21 at 22 ay ang litrato ng tapos nang pagtatayo, ang sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos; ang Bagong Herusalem ay ang repleksyon at katuparan ng dibinong pahayag hinggil sa halamanan ng Eden.

3. Si Kristo ay babalik bilang Kasintahang lalaki upang pakasalan ang Kanyang kasintahang babae, na siyang kabuoan ng mga mandaraig; ang pagtatayong ito ng mga mandaraig sa kapanahunang ito ay para sa paunang kaganapan ng Bagong Herusalem sa kapanahunan ng kaharian (19:7-9) at sa kalaunan para sa lubos na kaganapan ng Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa (21:2).

   **Apoc. 19:7-9—**Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. 8At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. 9At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Apoc 21:2—**At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

4. Sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ng Espiritu Santo sa lahat ng siglo, ang gol na ito ay maaabot sa katapusan ng kapanahunang ito; pagkatapos, ang kasintahang babae, ang mga nananaig na mananampalataya, ay magiging handa, at ang kaharian ng Diyos ay darating—Mat. 26:29; 13:43.
   **Mat. 26:29—**Ngunit sinasabi Ko sa inyo, Hinding-hindi Ako iinom mula sa bungang ito ng puno ng ubas mula ngayon hanggang sa araw na iyon na iinumin Ko ito nang panibago na kasama kayo sa kaharian ng Aking Ama.

   **Mat. 13:43—**Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pandinig ay makinig.

5. Ang sama-samang kasintahang babae, ang Bagong Herusalem, ang tutupad sa dalawang aspekto ng layunin ng Diyos (Gen. 1:26); una, ang Bagong Herusalem ang magiging ganap na kahayagan ng Diyos sa ganap na larawan ng Diyos para sa Kanyang kaluwalhatian (Apoc. 21:11; cf. 4:3); ikalawa, ang Bagong Herusalem na ito ang susupil sa kaaway, lulupig sa mundo, at magsasagawa ng awtoridad ng Diyos kasama ang Kanyang kapamahalaan sa buong sansinukob (Gen. 1:26; Apoc. 22:5; cf. 20:10, 14-15).
   **Gen. 1:26—**Sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **Apoc. 21:11—**Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

   **cf. Apoc. 4:3—**At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono *ay may* bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

   **Gen. 1:26—**Sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **Apoc. 22:5—**At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

   **cf. Apoc. 20:10—**At ang diyablo, na luminlang sa kanila, ay inihagis sa dagat-dagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng halimaw at ng huwad na propeta; at sila ay pahihirapan araw at gabi magpakailan pa man.

   **Apoc. 20:14-15—**At ang kamatayan at ang Hades ay inihagis sa dagat-dagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, ang dagat-dagatang apoy. [15]At kung ang sinuman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, siya ay inihagis sa dagat-dagatang apoy.

C. Kapag tayo bilang bayan ng Diyos ay pumasok sa isang ugnayan ng pag-ibig sa Diyos, matatanggap natin ang Kanyang buhay, kung paanong natanggap ni Eva ang buhay ni Adam; ang buhay na ito ang nagbibigay-kakayahan sa atin na maging kaisa ng Diyos at gumagawa sa Kanya na maging kaisa natin—Gen. 2:21-22.

**Gen. 2:21-22—**Kaya't pinatulog nang mahimbing ni Jehovah na Diyos ang lalaki, at habang siya'y natutulog, kinuha Niya ang isa sa kanyang mga tadyang at pinaghilom ang laman sa lugar na iyon; [22] at ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**II. Upang maging isa ang Diyos at ang Kanyang bayan, dapat magkaroon ng mutuwal na pag-iibigan sa kanila; ang pag-iibigan ng Diyos at ng Kanyang bayan na ipinakita sa Biblia ay pangunahing katulad ng mapagmahal na pag-iibigan ng isang lalaki at babae—Juan 14:21, 23; Jer. 2:2; 31:3:**

**Juan 14:21—**Siya na nagtataglay ng Aking mga utos at tumutupad sa mga iyon, siya ang umiibig sa Akin; at siya na umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya ay iibigin Ko at ihahayag Ko ang Aking sarili sa kanya.

**Juan 14:23—**Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin, tutuparin niya ang Aking salita, at iibigin siya ng Aking Ama, at Kami ay pasasakanya at gagawa ng tahanan kasama siya.

**Jer. 2:2—**Humayo ka at ipahayag mo sa pandinig ng Jerusalem na sinasabi, Ganito ang sabi ng Panginoon: Naaalala ko ang katapatan ng iyong kabataan, ang iyong pag-ibig bilang babaing ikakasal, kung paanong sumunod ka sa akin sa ilang, sa lupaing hindi hinasikan.

**Jer. 31:3—**Si Jehovah ay nagpakita sa kanya mula sa malayo. Inibig kita ng isang walang hanggang pag-ibig, kaya't ipinagpatuloy ko ang aking kagandahang-loob sa iyo.

A. Habang iniibig ng bayan ng Diyos ang Diyos at gumugol ng oras upang makipagsalamuha sa Kanya sa Kanyang salita, naglalalin ang Diyos sa kanila ng Kanyang dibinong elemento, ginagawa silang kaisa Niya bilang Kanyang asawa, katulad Niya sa buhay, kalikasan at kahayagan—Awit 119:140, 15-16.
**Awit 119:140—**Totoong dalisay ang salita Mo, kaya't iniibig ito ng lingkod Mo.

**Awit 119:15-16—**Ako'y magbubulay-bulay sa mga tuntunin Mo, at igagalang ang mga daan Mo.

B. Una tayong inibig ng Diyos sa paraang nilalinan Niya tayo ng Kanyang pag-ibig at pinasibol sa loob natin ang pag-ibig na ipinang-iibig natin sa Kanya at sa mga kapatid—1 Juan 4:19-21.
**1 Juan 4:19-21—**Sinabi sa Kanya ng babae, Ginoo, nahihiwatigan kong Ikaw ay isang propeta. [20]Sumamba ang aming mga magulang sa bundok na ito, subalit sinasabi ninyo na ang lugar kung saan dapat sumamba *ang mga tao* ay sa Herusalem. [21]Sinabi sa kanya ni Hesus, Babae, maniwala ka sa Akin, darating ang oras na inyong sasambahin ang Ama hindi sa bundok na ito ni sa Herusalem.

C. Ang buhay na natanggap natin mula sa Diyos ay isang buhay ng pag-ibig; ipinamuhay ni Kristo sa mundong ito ang buhay ng Diyos bilang pag-ibig, at Siya na ngayon ang ating buhay nang sa gayon ay maipamuhay natin ang parehong buhay ng pag-ibig sa mundong ito at maging katulad Niya—3:14; 5:1; 2:5-6; 4:17.
**1 Juan 3:14—**Alam nating tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay sapagkat iniibig natin ang mga kapatid. Siya na hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan.

**1 Juan 5:1—**Ang bawat sumasampalataya na si Hesus ang Kristo ay ipinanganak ng Diyos, at ang bawat umiibig sa Kanya na nanganak ay umiibig din sa kanya na ipinanganak Niya.

**1 Juan 2:5-6—**Ngunit ang sinumang sumusunod sa Kanyang salita, tunay na sa isang ito ang pag-ibig ng Diyos ay napasakdal. Sa ganito ay nalalaman nating tayo ay nasa Kanya. [6]Siya na nagsasabing siya ay nananahan sa Kanya ay nararapat ding lumakad gaya ng Kanyang paglakad.

**1 Juan 4:17—**Sa ganito ay napasakdal ang pag-ibig sa atin, upang magkaroon tayo ng katapangan sa araw ng paghahatol sapagkat kung ano nga Siya, *gayundin* naman tayo sa sanlibutang ito.

D. Ang ating natural na pag-ibig ay dapat mailagay sa krus; isang kaibahan sa pagitan ng pag-ibig ng Diyos at ng ating natural na pag-ibig ay yaong napakadali para sa ating natural na pag-ibig na masaktan.

E. Dapat tayong maging mga taong nag-uumapaw at natatangay ng pag-ibig ni Kristo; ang dibinong pag-ibig ay dapat maging tulad ng rumaragasang agos ng malalaking tubig patungo sa atin, na nagtutulak sa ating mamuhay sa Kanya nang lampas sa ating sariling kontrol—2 Cor. 5:14.

**2 Cor. 5:14—**Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay.

F. Ang utos tungkol sa pangkapatirang pag-ibig ay kapwa luma at bago: luma, dahil taglay na ito ng mga mananampalataya sa pasimula ng kanilang buhay-Kristiyano; bago, dahil sa kanilang Kristiyanong paglakad ay sumisikat ito na may bagong liwanag at sumisinag na may bagong kaliwanagan at sariwang kapangyarihan nang paulit-ulit—1 Juan 2:7-8; 3:11, 23; cf. Juan 13:34.

**1 Juan 2:7-8—**Mga minamahal, hindi ako sumusulat ng isang bagong utos sa inyo kundi ng dating utos, na inyo nang taglay buhat sa pasimula; ang dating utos ay ang salitang inyong narinig. [8]Muli ay sumusulat ako ng isang bagong utos sa inyo, na totoo sa Kanya at sa inyo dahil ang kadiliman ay lumilipas at ang tunay na liwanag ay sumisinag na.

**1 Juan 3:11—**Sapagkat ito ang mensaheng inyong narinig buhat sa pasimula, na ibigin natin ang isa't isa.

**1 Juan 3:23—**At ito ang Kanyang utos, na sumampalataya tayo sa pangalan ng Kanyang Anak na si Hesu-Kristo at ibigin natin ang isa't isa, gaya ng ibinigay Niyang utos sa atin.

**cf. Juan 13:34—**Isang bagong utos ang ibinibigay Ko sa inyo, na ibigin ninyo ang isa't isa, kung paanong inibig Ko kayo, ibigin din ninyo ang isa't isa.

G. Itinatayo ng Katawan ang sarili nito sa loob ng pag-ibig upang maging kasintahang babae ni Kristo (Efe. 4:16); ang ating ibinigay ng Diyos, isinilang na muling espiritu ay isang espiritu ng pag-ibig; kailangan natin ng isang nagniningas na espiritu ng pag-ibig upang mapanagumpayan ang pagbaba ng kasalukuyang ekklesia (2 Tim. 1:7).

**Efe. 4:16—**Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

**2 Tim. 1:7—**Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng karuwagan, kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng mahinahong kaisipan.

H. "Ang kaalaman ay nagpapalalo, ngunit ang pag-ibig ay nagtatayo" (1 Cor. 8:1b; cf. 2 Cor. 3:6); ang pag-ibig sa isa't isa ay isang tanda na nabibilang tayo kay Kristo (John 13:34-35); ang pag-ibig na maging una sa ekklesia ay laban sa pag-ibig sa lahat ng kapatid (3 John 9).

**1 Cor. 8:1b—**Ngayon hinggil sa mga bagay na inihain sa mga diyos-diyosan, alam natin na tayong lahat ay may kaalaman. Ang kaalaman ay nagpapalalo, ngunit ang pag-ibig ay nagtatayo.

**cf. 2 Cor. 3:6—**Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, *mga tagapaghain* hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

**Juan 13:34-35—**Isang bagong utos ang ibinibigay Ko sa inyo, na ibigin ninyo ang isa't isa, kung paanong inibig Ko kayo, ibigin din ninyo ang isa't isa. [35]Sa pamamagitan nito ay malalaman ng lahat ng tao na kayo ay Aking mga disipulo, kung kayo ay may pag-ibig sa isa't isa.

**3 Juan 9—**Sumulat ako ng ilang bagay sa ekklesia; ngunit si Diotrefes, na ibig maging una sa gitna nila, ay hindi kami tinatanggap.

I. Kung paanong ibinigay ng Panginoong Hesus ang Kanyang pangkaluluwang buhay upang tayo ay magkaroon ng dibinong buhay, kailangan nating iwala ang ating pangkaluluwang buhay at itatwa ang sarili upang ibigin ang mga kapatid at maghain ng buhay sa kanila sa pagsasagawa ng buhay-Katawan para sa paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo—1 Juan 3:16; 4:17 at talababa 5; Juan 10:11, 17-18; 15:13; Efe. 4:29—5:2; 2 Cor. 12:15; Roma 12:9-13.

**1 Juan 3:16—**Sa ganito ay nakikilala natin ang pag-ibig, na ibinigay Niya ang Kanyang buhay alang-alang sa atin, at nararapat nating ibigay ang ating buhay alang-alang sa mga kapatid.

**1 Juan 4:17—**Sa ganito ay napasakdal ang pag-ibig sa atin, upang magkaroon tayo ng katapangan sa araw ng paghahatol sapagkat kung ano nga Siya, *gayundin* naman tayo sa sanlibutang ito.

**Juan 10:11—**Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

**Juan 10:17-18—***Dahil* dito ay iniibig Ako ng Ama, sapagkat ibinibigay Ko ang Aking buhay upang kunin Ko itong muli. [18]Walang sinumang nag-aalis nito sa Akin, kundi kusa Ko itong ibinibigay. May awtoridad Akong ibigay ito, at may awtoridad Akong kunin itong muli. Tinanggap Ko ang utos na ito mula sa Aking Ama.

**Juan 15:13—**Walang sinuman ang may pag-ibig na mas dakila kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.

**Efe. 4:29—5:2—**Anumang masamang salita ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi yaong mabuti lamang para sa pagtatayo, ayon sa pangangailangan, upang ito ay makapagbigay ng biyaya sa mga nakikinig. [30]At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya kayo ay tinatakan hanggang sa araw ng pagtutubos. [31]Lahat ng pait at galit at poot at sigawan at paninirang-puri ay alisin sa inyo, kasama ang lahat ng masamang hangarin. [32]At magmagandang-loob kayo sa isa't isa, maawain, nagpapatawad sa isa't isa, gaya ng ang Diyos sa loob ni Kristo ay nagpatawad din sa inyo.

[1]Kaya maging mga tagatulad kayo sa Diyos, bilang mga minamahal na anak; [2]At lumakad kayo sa loob ng pag-ibig, gaya rin naman ni Kristo na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin, na isang handog at isang hain sa Diyos para sa isang mabangong samyo.

**2 Cor. 12:15—**Ngunit ako, may malaking kagalakan akong gugugol at pagugugol nang lubusan para sa inyong mga kaluluwa. Kung iniibig ko kayo nang lalong higit, iniibig ba ako nang mas kaunti?

**Roma 12:9-13—**Maging walang pagkukunwari ang pag-ibig. Kapootan ninyo ang masama; kumapit kayo sa mabuti. [10]Magiliw kayong magmahalan sa pangkapatirang pag-ibig; manguna kayo sa pagpapakita ng dangal sa isa't isa. [11]Huwag kayong maging tamad sa pagsusumikap, kundi maging maningas sa espiritu, na pinaglilingkuran ang Panginoon. [12]Magalak kayo sa pag-asa; magtiis sa kapighatian; magtiyaga sa pananalangin. [13]Mag-ambag sa pangangailangan ng mga banal; hangaring makapagpatulóy.

J. Ang pag-ibig ang pinakaekselenteng paraan upang tayo ay maging anuman o gumawa ng anuman para sa pagtatayo ng ekklesia bilang organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:31b—13:8a.

**1 Cor. 12:31b—13:8a—**Subalit pakanaisin ninyo ang mga mas dakilang kaloob. At higit pa ay ipakikita ko sa inyo ang isang pinakaekselenteng daan.

[1]Kung ako ay nagsasalita sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel subalit walang pag-ibig, ako ay nagiging tumutunog na tanso o umaalingawngaw na pompiyang. [2]At kung mayroon akong *kaloob na* propesiya at nalalaman ang lahat ng hiwaga at ang lahat ng kaalaman, at kung mayroon akong buong pananampalataya upang maglipat ng mga bundok, ngunit wala akong pag-ibig, ako ay walang kabuluhan. [3]At kung ipinamamahagi ko ang lahat ng aking ari-arian upang pakainin ang *iba*, at kung ibinibigay ko ang aking katawan upang makapagmapuri, ngunit wala akong pag-ibig, ako ay walang pakikinabangan. [4]Ang pag-ibig ay mapagtiis. Ang pag-ibig ay mapagmagandang-loob; hindi ito mapanibughuin. Ang pag-ibig ay hindi nagmamalaki *at* hindi nagpapalalo; [5]Hindi ito kumikilos nang di-nararapat *at* hindi naghahangad ng mga pansariling bagay; hindi ito napagagalit *at* hindi nagtatala ng kasamaan; [6]Hindi ito nagagalak dahil sa kalikuan, kundi nagagalak sa katotohanan; [7]Tinatakpan nito ang lahat ng bagay, pinaniniwalaan ang lahat ng bagay, inaasahan ang lahat ng bagay, tinitiis ang lahat ng bagay. [8]Ang pag-ibig ay hindi kailanman napapawi. Subalit kahit mga propesiya man, ang mga ito ay mawawalan ng pakinabang; o mga wika, ang mga ito ay titigil; o kaalaman, ito ay mawawalan ng pakinabang.

**III. Kailangan nating makita kung ano ang ginawa ng Diyos upang makapagbunga ng isang kapareha para sa Kanyang sarili; inihahayag ng Genesis 2 ang isang larawan ni Kristo at ng Kanyang kasintahang babae sa mga sagisag nina Adam at Eva:**

A. Si Adam ay sumasagisag sa Diyos sa loob ni Kristo bilang ang totoo, pansansinukob na Kasintahang lalaki, na naghahanap ng isang kasintahang babae para sa Kanyang sarili—Roma 5:14; cf. Juan 3:29; 2 Cor. 11:2; Efe. 5:31-32; Apoc. 19:7-9; 21:9-11.

**Roma 5:14—**Ngunit ang kamatayan ay naghari mula kay Adam hanggang kay Moises, maging sa mga hindi nagkasala ng tulad sa paglabag ni Adam, na isang sagisag Niya na darating.

**cf. Juan 3:29—**Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

**2 Cor. 11:2—**Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap *kayo bilang* isang dalisay na birhen kay Kristo.

**Efe. 5:31-32—**Dahil dito ay iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina at pipisan sa kanyang asawang babae, at ang dalawa ay magiging isang laman. [32]Ang hiwagang ito ay dakila, subalit ako ay nagsasalita tungkol kay Kristo at sa ekklesia.

**Apoc. 19:7-9—**Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Apoc. 21:9-11—**At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero. [10]At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

B. "At sinabi ni [Jehovah na Diyos], Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya"—Gen. 2:18:
**Gen. 2:18—**At sinabi ng Panginoong Diyos, "Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa; siya'y igagawa Ko ng isang katuwang na nababagay sa kanya."

1. Ang pangangailangan ni Adam ng isang asawa ay sumasagisag at naglalarawan sa pangangailangan ng Diyos, sa Kanyang ekonomiya, na magkaroon ng isang asawa bilang Kanyang kapareha, Kanyang komplemento (lit., Kanyang kaagapay); bagama't ang Diyos, si Kristo, ay lubusan at magpasawalang-hanggang sakdal, hindi Siya kumpleto kung wala ang ekklesia bilang Kanyang asawa.
2. Ninanais ng Diyos na magkaroon kapwa ng Adam, sumasagisag kay Kristo, at Eva, sumasagisag sa ekklesia; ang Kanyang layunin ay ang "magkaroon sila ng [kapamahalaan]" (1:26); ito ay ang magkaroon ng matagumpay na Kristo at saka matagumpay na ekklesia, isang Kristo na dinaig ang gawa ng diyablo at saka isang ekklesia na nagpabagsak sa gawa ng diyablo; ninanais ng Diyos na magkaroon ng kapamahalaan si Kristo at ang ekklesia (Roma 5:17; 16:20; Efe. 1:22-23).
   **Gen. 1:26—**Sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **Roma 5:17—**Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

   **Roma 16:20—**Ngayon ang Diyos ng kapayapaan ang dudurog kay Satanas sa ilalim ng inyong mga paa sa lalong madaling panahon. Ang biyaya ng ating Panginoong Hesus ay sumainyo.

   **Efe. 1:22-23—**At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na *maging* Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

C. Mula sa lupa, nilalang ng Diyos ang bawat hayop sa parang at bawat ibon sa himpapawid at dinala ang mga ito kay Adam, "at pinangalanan ng lalaki ang lahat ng [mga baka] at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawat hayop sa parang; subalit para sa lalaki ay walang nakitang katuwang [bilang kanyang kapareha]"—Gen. 2:19-20.
**Gen. 2:19-20—**Kaya't mula sa lupa ay nilalang ni Jehovah na Diyos ang lahat ng hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at dinala sa lalaki upang malaman kung anong itatawag niya sa mga iyon. At anuman ang itawag ng lalaki sa bawat buháy na nilalang ay siyang pangalan nito. [20] At pinangalanan ng lalaki ang lahat ng hayop at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawat hayop sa parang; subalit para sa lalaki ay walang nakitang katuwang na nababagay para sa kanya.

D. Ang asawang babae ay dapat katulad ng asawang lalaki sa buhay, kalikasan, at kahayagan; sa gitna ng mga baka, mga ibon, at mga hayop, hindi nakakita si Adam ng isang komplemento para sa kanyang sarili, isa na maaaring tumugma sa kanya—b. 23.
**Gen. 2:23—**At sinabi ng lalaki, "Sa wakas, ito'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman. Siya'y tatawaging Babae, sapagkat sa Lalaki siya kinuha."

E. Upang makapagbunga ng isang komplemento para sa Kanyang sarili, ang Diyos muna ay naging isang tao, gaya ng isinagisag ng paglikha ng Diyos kay Adam—Juan 1:14; Roma 5:14.
**Juan 1:14—**At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

**Roma 5:14—**Ngunit ang kamatayan ay naghari mula kay Adam hanggang kay Moises, maging sa mga hindi nagkasala ng tulad sa paglabag ni Adam, na isang sagisag Niya na darating.

F. "Pinatulog nang mahimbing ni [Jehovah na Diyos] ang lalaki, at habang siya'y natutulog, kinuha niya ang isa sa kanyang mga tadyang at pinaghilom ang laman sa lugar na iyon"—Gen. 2:21:
**Gen. 2:21—**Kaya't pinatulog nang mahimbing ni Jehovah na Diyos ang lalaki, at habang siya'y natutulog, kinuha Niya ang isa sa kanyang mga tadyang at pinaghilom ang laman sa lugar na iyon.

1. Ang mahimbing na pagtulog ni Adam para sa pagbubunga kay Eva bilang kanyang asawa ay sumasagisag sa kamatayan ni Kristo sa krus para sa pagbubunga ng ekklesia bilang Kanyang kapareha—Efe. 5:25-27.
   **Efe. 5:25-27—**Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya [26]Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

2. Sa Biblia, ang pagtulog ay nangangahulugang kamatayan—1 Cor. 15:18; 1 Tes. 4:13-16; Juan 11:11-14.
   **1 Cor. 15:18—**Kung gayon, yaong mga natutulog na rin kay Kristo ay napahamak.

   **1 Tes. 4:13-16—**Ngunit hindi namin ibig na wala kayong alam, mga kapatid, hinggil sa mga natutulog, upang hindi kayo malumbay na gaya ng iba na walang pag-asa. [14]Sapagkat kung sumasampalataya tayo na si Hesus ay namatay at bumangon, gayundin naman yaong mga natutulog, sa pamamagitan ni Hesus, ay dadalhin ng Diyos na kasama Niya.

[15]Sapagkat sinasabi namin ito sa inyo sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na tayong nabubuhay, na natitira hanggang sa pagdating ng Panginoon, ay hinding-hindi mauuna sa mga natutulog; [16]Sapagkat ang Panginoon Mismo, na may isang sigaw ng pag-uutos, may tinig ng arkanghel at may trumpeta ng Diyos, ay bababa mula sa langit, at ang mga namatay kay Kristo ay unang babangon.

**Juan 11:11-14—**Sinabi Niya ang mga bagay na ito, at pagkatapos nito ay sinabi Niya sa kanila, Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog; ngunit paroroon Ako upang gisingin Ko siya sa pagkakatulog. [12]Kaya sinabi sa Kanya ng mga disipulo, Panginoon, kung siya ay natutulog, siya ay gagaling. [13]Subalit nagsalita si Hesus tungkol sa kanyang pagkamatay, ngunit inakala nilang nagsasalita Siya tungkol sa pamamahinga sa pagtulog. [14]Kaya malinaw na sinabi sa kanila ni Hesus, Si Lazaro ay namatay.

3. Ang kamatayan ni Kristo ay ang nagpapalaya ng buhay, namamahagi ng buhay, nagpapalaganap ng buhay, nagpaparami ng buhay, at nagbubunga ng buhay na kamatayan, na isinasagisag ng butil ng trigo na nahulog sa lupa upang mamatay at tumubo upang magbunga ng maraming butil (12:24) para sa paggawa ng tinapay na siyang Katawan, ang ekklesia (1 Cor. 10:17).
   **Juan 12:24—**Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

   **1 Cor. 10:17—**Yamang may iisang tinapay, tayo na marami ay iisang Katawan; sapagkat tayong lahat ay nakikibahagi sa iisang tinapay.

4. Sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo, ang dibinong buhay sa loob Niya ay napalaya, at sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli, ang Kanyang napalayang dibinong buhay ay naipamahagi tungo sa Kanyang mga mananampalataya para sa pagbubuo ng ekklesia—Luc. 12:49-50; cf. Roma 12:11; Apoc. 4:5.
   **Luc. 12:49-50—**Pumarito Ako upang maghagis ng apoy sa lupa, at gaano Kong ninanais na ito ay nagningas na! [50]Subalit Ako ay may bautismo na sa Akin ay ibabautismo, at gaano Akong nagigipit hanggang sa ito ay matupad!

   **cf. Roma 12:11—**Huwag kayong maging tamad sa pagsusumikap, kundi maging maningas sa espiritu, na pinaglilingkuran ang Panginoon.

   **Apoc. 4:5—**At mula sa trono ay lumalabas ang mga kidlat at mga tinig at mga kulog. At *may* pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono, na siyang pitong Espiritu ng Diyos.

5. Sa pamamagitan ng gayong proseso, ang Diyos sa loob ni Kristo ay naisagawa tungo sa tao kasama ang Kanyang buhay at kalikasan nang sa gayon ang tao ay maging katulad ng Diyos sa buhay at kalikasan upang makatugma Siya bilang Kanyang kapareha.

G. "At ang tadyang na kinuha ni [Jehovah na Diyos] sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki"—Gen. 2:22:
**Gen. 2:22—**at ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

1. Ang tadyang na kinuha mula sa bukás na tagiliran ni Adam ay sumasagisag sa di-nababali, di-nasisirang walang hanggang buhay ni Kristo (Heb. 7:16; Juan 19:32-33, 36; Exo. 12:46; Awit 34:20), na dumaloy mula sa Kanyang inulos na tagiliran (Juan 19:34) upang

mamahagi ng buhay sa Kanyang mga mananampalataya para sa pagbubunga at pagtatayo ng ekklesia bilang Kanyang kapareha:
**Heb. 7:16—**Na itinalaga hindi ayon sa kautusan ng utos na ukol sa laman kundi ayon sa kapangyarihan ng di-nasisirang buhay.

**Juan 19:32-33—**Kaya dumating ang mga kawal at binali ang mga binti ng una at ng isa pa na ipinako sa krus na kasama Niya. 33Ngunit nang dumating sila kay Hesus, *at* nakitang Siya ay patay na, hindi na nila binali ang Kanyang mga binti.

**Juan 19:36—**Sapagkat nangyari ang mga bagay na ito upang matupad ang Kasulatan: "Wala ni isa mang buto Niya ang mababali."

**Exo. 12:46—**Sa loob ng isang bahay kakainin iyon; huwag kang magdadala ng laman sa labas ng bahay, ni huwag ninyong babaliin kahit isang buto niyon.

**Awit 34:20—**Lahat nitong mga buto ay iniingatan niya, sa mga iyon ay hindi nababali ni isa.

a. Mula sa tagiliran ni Kristo ay lumabas ang dugo at tubig, ngunit ang pawang lumabas sa tagiliran ni Adam ay ang tadyang na walang dugo.
b. Ito ay sa kadahilanang sa panahon ni Adam, hindi kinakailangan ng pagtutubos sa pamamagitan ng dugo, dahil walang kasalanan; noong panahong si Kristo ay "natutulog" sa krus, naroon ang problema ng kasalanan; kaya, ang dugo na lumabas sa tagiliran ni Kristo ay para sa ating pambatas na katubusan.
c. Kasunod ng dugo, lumabas ang tubig, na siyang dumadaloy na buhay ng Diyos para sa ating organikong kaligtasan (Exo. 17:6; 1 Cor. 10:4; Bil. 20:8); ang dibino, dumadaloy, di-nilikhang buhay na ito ay isinasagisag ng tadyang na kinuha mula sa tagiliran ni Adam (Roma 5:10).
   **Exo. 17:6—**Ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong hahampasin ang bato, at bubukalan ito ng tubig, upang ang bayan ay makainom." At gayon ang ginawa ni Moises sa paningin ng matatanda sa Israel.

   **1 Cor. 10:4—**At lahat ay uminom ng parehong espiritwal na inumin; sapagkat sila ay uminom sa espiritwal na bato na sumunod sa *kanila*, at ang bato ay si Kristo.

   **Bil. 20:8—** "Kunin mo ang tungkod at tipunin mo ang kapulungan, ikaw at ang kapatid mong si Aaron, at magsalita kayo sa bato sa harapan nila upang magbigay ito ng kanyang tubig. Sa gayon ka maglalabas ng tubig para sa kanila mula sa bato; gayon ka magbibigay ng inumin para sa kapulungan at sa kanilang mga hayop."

   **Roma 5:10—**Sapagkat kung tayo, na mga kaaway, ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

2. Hindi sinasabi sa Genesis 2:22 na si Eva ay nilikha kundi yaong siya ay itinayo; ang pagtatayo kay Eva gamit ang tadyang na kinuha sa tagiliran ni Adam ay sumasagisag sa pagtatayo ng ekklesia gamit ang pagkabuhay na muling buhay na napalaya mula kay Kristo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus at ipinamahagi tungo sa Kanyang mga mananampalataya sa Kanyang pagkabuhay na muli—Juan 12:24; 1 Ped. 1:3.
   **Gen. 2:22—**At ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**Juan 12:24—**Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

**1 Ped. 1:3—**Pagpalain ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na ayon sa Kanyang malaking awa ay nagsilang na muli sa atin tungo sa isang buháy na pag-asa sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Hesu-Kristo mula sa mga patay.

3. Ang ekklesia bilang totoong Eva ay ang kabuoan ni Kristo sa lahat ng Kanyang mananampalataya; ang ekklesia ay ang pagpaparami ni Kristo; maliban sa elemento ni Kristo, hindi dapat magkaroon ng ibang elemento sa ekklesia—Gen. 5:2.
**Gen. 5:2—**Lalaki at babae silang nilalang, at sila'y binasbasan at tinawag na Adam ang kanilang pangalan, nang araw na sila'y lalangin.

H. Tanging ang nagmumula kay Kristo kalakip ang Kanyang pagkabuhay na muling buhay ang maaaring maging Kanyang komplemento bilang Kanyang kasintahang babae (1 Cor. 12:12; Efe. 2:6; 5:28-30); ang ekklesia ay isang dalisay na produkto mula kay Kristo; ang ekklesia ay "kay Kristo," "sa pagkabuhay na muli," at makalangit.
**1 Cor. 12:12—**Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at may maraming sangkap, gayunman ang lahat ng sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan, gayundin naman ang Kristo.

**Efe. 2:6—**At ibinangon tayong magkakasamang kalakip Niya at pinaupong magkakasamang kalakip Niya sa sangkalangitan sa loob ni Kristo Hesus.

**Efe. 5:28-30—**Gayundin naman, nararapat ibigin ng mga asawang lalaki ang kanilang sariling asawang babae tulad ng sarili nilang katawan; ang umiibig sa kanyang sariling asawang babae ay umiibig sa kanyang sarili. [29]Sapagkat walang sinumang napoot kailanman sa kanyang sariling laman, kundi pinakakain at kinakandili ito, gaya rin ni Kristo sa ekklesia, [30]Sapagkat tayo ay mga sangkap ng Kanyang Katawan.

I. Sina Adam at Eva, bilang isa, ay namuhay ng buhay-may asawa nang magkasama bilang mag-asawa (Gen. 2:24-25); inilalarawan nito na sa Bagong Herusalem, ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang pansansinukob na Asawang lalaki ay mamumuhay ng isang buhay-may asawa kasama ang natubos, naisilang na muli, natransporma, at naluwalhating sangkatauhan bilang asawang babae, magpakailanman (Apoc. 22:17a).
**Gen. 2:24-25—**Kaya't iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at pumipisan sa kanyang asawa; at sila'y nagiging isang laman. [25]Ang lalaki at ang kanyang asawa ay kapwa hubad, ngunit sila'y hindi nahihiya.

**Apoc. 22:17a—**At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

J. Sa kawalang-hanggan na walang katapusan, sa pamamagitan ng dibino, walang hanggan, at humihigit na maluwalhating buhay, mamumuhay sila ng isang buhay na siyang pagsasama ng Diyos at tao bilang isang espiritu, isang buhay na napakaekselente at nag-uumapaw sa mga pagpapala at kagalakan.

Mensahe Tatlo

## Ang Paggulang ng Kasintahang Babae

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 19:6-9; Juan 3:29; Sant. 5:7;
Mat. 5:48; Col. 1:28-29; 3:10-11

**Apoc. 19:6-9**—At narinig ko ang gaya ng tinig ng isang malaking kalipunan at gaya ng lagaslas ng maraming tubig at gaya ng dagundong ng malalakas na kulog, na nagsasabi, Aleluya! Sapagkat ang Panginoon nating Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay naghahari. [7]Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Juan 3:29**—Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

**Sant. 5:7**—Kaya't maging matiisin kayo, mga kapatid, hanggang sa pagdating ng Panginoon. Narito, sabik na hinihintay ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, nagtitiis para dito hanggang sa tanggapin nito ang maaga at huling ulan.

**Mat. 5:48**—Kaya magpakasakdal kayo tulad ng inyong makalangit na Ama na sakdal.

**Col. 1:28-29**—Na Siya naming ipinahahayag, pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao sa buong karunungan upang maiharap naming ganap nang lumago sa loob ni Kristo ang bawat tao; [29]Para dito ay nagpapagal din ako, nakikipagbaka ayon sa Kanyang paggawa na gumagawa sa loob ko sa kapangyarihan.

**Col. 3:10-11**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

### I. Ang kahulugan ng salitang *gumulang* sa Griyego ay "sa huling punto":

A. Ang matransporma ay ang metabolikong mabago sa ating natural na buhay; ang gumulang ay ang mapuspos ng dibinong buhay na bumabago sa atin—Heb. 6:1; Col. 4:12; Roma 12:2; 2 Ped. 1:3.

**Heb. 6:1**—Kaya't iniiwan ang salita ng panimula ni Kristo, hayaang madala tayo sa paggulang, na hindi muling naglalagay ng pundasyon ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at ng pananampalataya sa Diyos.

**Col. 4:12**—Binabati kayo ni Epafras, na isa sa inyo, isang alipin ni Kristo Hesus, na laging nakikipagbaka alang-alang sa inyo sa kanyang mga pananalangin upang makatayo kayong gumulang na at lubos na nakatitiyak sa lahat ng kalooban ng Diyos.

**Roma 12:2**—At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

**2 Ped. 1:3**—Nakikita na ang Kanyang dibinong kapangyarihan ang nagkaloob sa atin ng lahat ng bagay na may kaugnayan sa buhay at pagkamakadiyos, sa pamamagitan ng lubos na pagkakilala sa Kanya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng Kanyang sariling kaluwalhatian at kagalingan.

B. Ang huling yugto ng transpormasyon ay paggulang, ang kapuspusan ng buhay—b. 4.
**2 Ped. 1:4**—Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

C. Nakikilala at pinangangalagaan ng isang gumulang na mananampalataya ang Katawan ni Kristo, may kamalayan sa Katawan at nakasentro sa Katawan—1 Cor. 12:16, 18-19, 21, 24.
**1 Cor. 12:16**—At kung sasabihin ng tainga, Dahil hindi ako mata, hindi ako sa katawan, hindi dahil dito ay hindi na ito sa katawan.

**1 Cor. 12:18-19**—Subalit ngayon ay inilagay ng Diyos ang mga sangkap, bawat isa sa kanila, sa katawan, gaya ng Kanyang ipinasya. [19]At kung ang lahat ay iisang sangkap, nasaan na ang katawan?

**1 Cor. 12:21**—At hindi masasabi ng mata sa kamay, Hindi kita kailangan; hindi rin masasabi ng ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan.

**1 Cor. 12:24**—Ngunit ang ating magagandang sangkap ay walang kailangan. Subalit pinaghalo ng Diyos ang katawan, binibigyan ng higit na saganang karangalan ang sangkap na may kakulangan.

**II. Gaya ng pagkakagamit sa Bagong Tipan, ang salitang *gumulang* ay tumutukoy sa pagiging ganap na lumago at napasakdal ng mga mananampalataya sa buhay ni Kristo, na kanilang natanggap sa panahon ng pagkasilang na muli—Tito 3:5; 1 Ped. 1:3, 23; Mat. 5:48:**

**Tito 3:5**—Hindi sa pamamagitan ng mga gawa sa katuwiran na ating nagawa kundi ayon sa Kanyang kaawaan ay iniligtas Niya tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas ng pagsisilang na muli at ng pagpapabago ng Espiritu Santo.

**1 Ped. 1:3**—Pagpalain ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na ayon sa Kanyang malaking awa ay nagsilang na muli sa atin tungo sa isang buháy na pag-asa sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Hesu-Kristo mula sa mga patay.

**1 Ped. 1:23**—Yamang isinilang na kayong muli, hindi ng nabubulok na binhi kundi ng di-nabubulok, sa pamamagitan ng buháy at nananahang salita ng Diyos.

**Mat. 5:48**—Kaya magpakasakdal kayo tulad ng inyong makalangit na Ama na sakdal.

A. Hindi tayo dapat kailanman makontento sa ating sarili kundi maghabol sa paglago at paggulang sa buhay ni Kristo—Fil. 3:12, 14.

**Fil. 3:12**—Hindi sa ako ay nakapagkamit na o ngayon ay napasakdal na, kundi naghahabol ako, baka matanganan ko nga yaong ikinatatangan naman sa akin ni Kristo Hesus.

**Fil. 3:14**—Naghahabol ako tungo sa gol para sa gantimpala na ukol dito ang Diyos sa loob ni Kristo Hesus ay pataas akong tinawag.

B. Kailangan nating magpatuloy, madala, sa paggulang sa pamamagitan ng paglimot sa mga bagay na nasa likuran at pagtungo sa mga bagay na nasa unahan, naghahabol tungo sa pinakaganap na pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo para sa sukdulang pagtatamasa kay Kristo sa milenyal na kaharian—bb. 12-15.

**Fil. 3:12-15**—Hindi sa ako ay nakapagkamit na o ngayon ay napasakdal na, kundi naghahabol ako, baka matanganan ko nga yaong ikinatatangan naman sa akin ni Kristo Hesus. **13**Mga kapatid, hindi ko inaaring ako ay nakatangan na; ngunit isang bagay ang ginagawa ko: Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa unahan, **14**Naghahabol ako tungo sa gol para sa gantimpala na ukol dito ang Diyos sa loob ni Kristo Hesus ay pataas akong tinawag. **15**Kaya nga, tayong lahat na mga ganap nang lumago ay magkaroon ng ganitong kaisipan; at kung sa anuman ay nagkakaiba kayo ng iniisip, ito rin ay ihahayag ng Diyos sa inyo.

C. Ang paunang kailangan para sa paggulang sa espiritwal na buhay ay ang patuloy na lumago sa dibinong buhay—Efe. 4:15.

**Efe. 4:15**—Kundi sa pagtangan sa katotohanan sa loob ng pag-ibig, tayo ay lumago sa lahat ng bagay tungo sa Kanya, na Siyang Ulo, si Kristo.

D. Ang sukdulang kinalabasan ng paglago at paggulang ng mga mananampalataya sa buhay ni Kristo ay ang ganap na lumagong tao—ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo na lumalago tungo sa isang gumulang na tao—b. 13.

**Efe. 4:13**—Hanggang sa marating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang pagiging ganap na lumagong tao, ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.

**III. Sa kanyang Liham, ginagamit ni Santiago ang larawan ng isang magsasaka na naghihintay nang may pagtitiis sa mahalagang bunga ng lupa—5:7:**

**Sant. 5:7**—Kaya't maging matiisin kayo, mga kapatid, hanggang sa pagdating ng Panginoon. Narito, sabik na hinihintay ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, nagtitiis para dito hanggang sa tanggapin nito ang maaga at huling ulan.

A. Ang Panginoong Hesus sa katunayan ay ang tunay na Magsasaka, ang namumukod-tanging Magsasaka—Mat. 13:3.

**Mat. 13:3**—At nagsalita Siya sa kanila ng maraming bagay sa mga talinghaga, na nagsasabi, Narito, ang manghahasik ay lumabas upang maghasik.

B. Habang hinihintay natin nang may pagtitiis ang pagdating ng Panginoon, Siya, bilang tunay na Magsasaka, ay naghihintay nang may pagpapasensiya sa ating paggulang sa buhay, bilang mga unang bunga at ani sa Kanyang bukirin—Apoc. 14:4, 14-15.

**Apoc. 14:4**—Ang mga ito ang hindi nadungisan ng mga babae, sapagkat sila ay mga birhen. Ang mga ito ang sumusunod sa Kordero saanman Siya pumaroon. Ang mga ito ay binili sa gitna ng mga tao bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero.

**Apoc. 14:14-15**—Sapagkat ang mga ito ay mga espiritu ng mga demonyo na gumagawa ng mga tanda, na nagtutungo sa mga hari ng buong pinananahanang lupa upang tipunin sila sa digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. 15(Narito, dumarating Akong gaya ng isang magnanakaw. Pinagpala siyang nagbabantay at nag-iingat ng kanyang mga damit upang hindi siya lumakad nang hubad at makita nila ang kanyang kahihiyan.)

C. Kung tayo ay mananalangin, "Panginoon, bumalik Ka na agad," maaaring sabihin ng Panginoon, "Habang hinihintay ninyo ang Aking pagbabalik, hinihintay Ko ang inyong paggulang; tanging ang inyong paggulang ang makapagpapabilis ng Aking pagbabalik."

D. Isang malaking tulong sa atin na matanto na kung seryoso tayo tungkol sa paghihintay sa pagbabalik ng Panginoon, kailangan nating lumago sa buhay tungo sa paggulang.

**IV. Ang gumulang ay ang ganap na maihubog si Kristo sa atin; nangangahulugan din ito na tayo ay ganap nang natransporma tungo sa Kanyang larawan—Gal. 4:19; 2 Cor. 3:18:**

**Gal. 4:19**—Mga anak ko, na muli kong ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si Kristo ay maihubog sa inyo.

**2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

A. Simula noong panahon ng ating pagkasilang na muli, gumagawa na ang Panginoon sa loob natin nang sa gayon ay mataglay natin ang Kanyang larawan—b. 18; Roma 8:29.

**2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Roma 8:29**—Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

B. Kapag lubos na naisasagawa ng Panginoon ang Kanyang larawan tungo sa atin at lubos na naihahayag sa pamamagitan natin, tayo ay gugulang sa buhay—Efe. 3:16-17.

**Efe. 3:16-17**—Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao.

**V. Ipinapakita sa atin sa kapitulo 3 ng Awit ng mga Awit ang paggulang ng naghahanap, at nagpapatuloy ang kapitulo 4 sa pagpapaliwanag na ang gayong paggulang ay naaabot sa pamamagitan ng pagsupil sa pagpapasya; ang lihim ng paggulang ng**

**naghahanap ay yaong ang kanyang pagpapasya ay lubusang nasupil at nabuhay na muli—b. 4:**

**A. A. 4:4**—Ang iyong leeg ay gaya ng tore ni David, na itinayo upang pagtaguan ng mga sandata, na kinabibitinan ng libong kalasag, na ang lahat ay mga kalasag ng mga mandirigma.

A. Ang leeg ay sumasagisag sa pantaong pagpapasya sa ilalim ng Diyos; itinuturing ng Panginoon ang pagpapasailalim ng ating pagpapasya bilang isang napakagandang bagay—bb. 1a, 4.

**A. A. 4:1**—O napakaganda mo, mahal ko; talagang ikaw ay maganda; Ang iyong mga mata ay mga kalapati sa likod ng iyong talukbong. Ang iyong buhok ay gaya ng kawan ng mga kambing, na bumababa sa gulod ng bundok ng Gilead.

**A. A. 4:4**—Ang iyong leeg ay gaya ng tore ni David, na itinayo upang pagtaguan ng mga sandata, na kinabibitinan ng libong kalasag, na ang lahat ay mga kalasag ng mga mandirigma.

B. Kung mayroon tayong mapagpasailalim na pagpapasya, ang ating pagpapasya ay naihahayag na tulad ng tore ni David na naglalaman ng lahat ng uri ng mga sandata:

1. Una, ang ating pagpapasya ay dapat masupil; pagkatapos, ito ay magiging malakas sa pagkabuhay na muli at *magiging* tulad ng tore ni David, ang taguan ng sandata para sa espiritwal na pakikipagdigma—Efe. 6:10.

   **Efe. 6:10**—Sa katapus-tapusan, magpakalakas kayo sa loob ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan.

2. Ang mga sandata para sa espiritwal na pakikipagdigma ay nakatago sa ating nasupil at nabuhay na muling pagpapasya—2 Cor. 10:3-5.

   **2 Cor. 10:3-5**—Sapagkat bagaman kami ay lumalakad sa laman, hindi kami nakikipagdigma ayon sa laman; [4]Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipagdigma ay hindi makalaman kundi makapangyarihan sa harap ng Diyos sa ikagigiba ng mga kuta, [5]Sa aming paggiba sa mga pangangatwiran at bawat matayog na bagay na nagmamataas laban sa kaalaman sa Diyos, at pagbihag sa bawat kaisipan tungo sa pagsunod kay Kristo.

**VI. Ang gol ng ministeryo ni Pablo ay ang maiharap na gumulang, ganap nang lumago sa loob ni Kristo ang bawat tao para sa isang bagong tao—Col. 1:28-29; 3:10-11:**

**Col. 1:28-29**—Na Siya naming ipinahahayag, pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao sa buong karunungan upang maiharap naming ganap nang lumago sa loob ni Kristo ang bawat tao; [29]Para dito ay nagpapagal din ako, nakikipagbaka ayon sa Kanyang paggawa na gumagawa sa loob ko sa kapangyarihan.

**Col. 3:10-11**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

A. Ang salitang Griyego na isinaling “ganap nang lumago” sa Colosas 1:28 ay maaari ding isaling “sakdal,” “kumpleto,” o “gumulang.”
**Col. 1:28**—Na Siya naming ipinahahayag, pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao sa buong karunungan upang maiharap naming ganap nang lumago sa loob ni Kristo ang bawat tao.

B. Ang ministeryo ni Pablo ay ang ipamahagi si Kristo tungo sa iba upang maging sakdal at kumpleto sila sa pamamagitan ng paggulang kay Kristo tungo sa ganap na paglago.

**VII. Ang Genesis 37—47 ay isang talâ ng proseso ng paggulang ni Jacob:**

A. Sa Genesis 27, makikita natin ang isang manununggab; sa kapitulo 37, isang natranspormang tao; at sa dulo ng kapitulo 47, isang gumulang na tao.

B. Ang huling yugto ng transpormasyon ay paggulang, ang kapuspusan ng buhay:

1. Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng ating transpormasyon at paggulang—1:26; Col. 1:28; 2:19.
**Gen. 1:26**—“Sinabi ng Diyos, “Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.”

**Col. 1:28**—Na Siya naming ipinahahayag, pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao sa buong karunungan upang maiharap naming ganap nang lumago sa loob ni Kristo ang bawat tao.

**Col. 2:19**—At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

2. Ang paggulang ay isang bagay ng paulit-ulit na pamamahagi sa atin ng dibinong buhay hanggang sa mataglay natin ang kapuspusan ng buhay—Juan 10:10.
**Juan 10:10**—Ang magnanakaw ay hindi pumaparito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang sagana.

C. Ang paggulang ay isang bagay ng pagpapalawak ng kapasidad—Awit 4:1:
**A. A. 4:1**—O napakaganda mo, mahal ko; talagang ikaw ay maganda; Ang iyong mga mata ay mga kalapati sa likod ng iyong talukbong. Ang iyong buhok ay gaya ng kawan ng mga kambing, na bumababa sa gulod ng bundok ng Gilead.

1. Ang paggulang sa buhay ay ang kabuoan ng pagtanggap sa pagdidisiplina ng Espiritu Santo—Heb. 12:5-11.
**Heb. 12:5-11**—At ganap na ninyong nakalimutan ang paghihikayat na nangungusap sa inyong tulad sa mga anak, “Anak ko, huwag mong maliitin ang disiplina ng Panginoon, ni manlupaypay kapag pinagwikaan Niya; [6]Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang Kanyang minamahal, at pinapalo ang bawat anak na Kanyang tinatanggap.” [7]Kayo ay nagtitiis para sa disiplina; pinakikitunguhan kayo ng Diyos na gaya ng sa mga anak. Sapagkat sino ngang anak ang hindi dinidisiplina ng ama? [8]Ngunit kung kayo ay walang disiplina, na rito ay bumabahagi ang lahat ng anak, kung gayon kayo ay mga anak sa labas at hindi mga tunay na anak. [9]Higit pa rito ay nagkaroon tayo ng mga ama ng ating laman bilang mga tagapagdisiplina at

iginalang natin sila; hindi ba tayo lalong magpapasakop sa Ama ng mga espiritu at mabubuhay? [10]Sapagkat nagdidisiplina sila nang ilang araw ayon sa kanilang minagaling; ngunit Siya, para sa ikapakikinabang upang makabahagi tayo sa Kanyang kabanalan. [11]Ngayon, walang disiplina sa kasalukuyan ang tila isang bagay ng kagalakan, kundi ng dalamhati; subalit pagkatapos, nagbubunga ito ng mapayapang bunga ng katuwiran sa mga sinanay sa pamamagitan nito.

2. Maaaring makita ng iba ang isang tao na gumulang sa buhay, subalit di nila makikita ang naipon na pagdidisiplina ng Espiritu Santo na natanggap ng taong iyon nang palihim araw kada araw sa buong itinagal ng mga taon—2 Cor. 1:8-10; Gen. 47:7, 10.

   **2 Cor. 1:8-10**—Sapagkat hindi namin ibig na hindi ninyo malaman, mga kapatid, ang aming paghihirap na dumating sa amin sa Asia, na kami ay lubhang nabigatan, higit sa aming lakas, kaya't kami ay nawalan ng pag-asang mabuhay pa. [9]Tunay na kami mismo ay nagkaroon ng pagtugon ng kamatayan sa aming sarili, upang hindi namin dapat na ibatay ang aming tiwala sa aming sarili kundi sa Diyos, na nagbabangon ng mga patay; [10]Na siyang nagligtas sa amin sa malagim na kamatayan, at magliligtas sa amin; sa Kanya kami ay umaasa na kami ay ililigtas pa rin Niya.

   **Gen. 47:7**—Kaya't isinama ni Jose si Jacob na kanyang ama at pinatayo niya sa harapan ng Faraon, at binasbasan ni Jacob ang Faraon.

   **Gen. 47:10**—At binasbasan ni Jacob ang Faraon at umalis sa harapan ng Faraon.

D. Soberanong gagamitin ng Diyos ang mga tao, mga bagay, at mga pangyayari upang basyuhin tayo ng lahat ng bagay na pumupunô sa atin at upang alisin ang bawat umookupa nang sa gayon ay magkaroon tayo ng mas malaking kapasidad upang mapunuan ng Diyos—Luc. 1:53; Mat. 5:6.

   **Luc. 1:53**—Binusog Niya ng mabubuting bagay ang mga gutom, at pinaalis Niya nang walang dala ang mayayaman.

   **Mat. 5:6**—Pinagpala ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin.

E. Inihahayag ng buhay ni Jacob na ang bawat bagay na nangyayari sa atin ay nasa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos para sa ating transpormasyon at paggulang; walang bagay ang nagkataon lamang:

1. Upang gumulang, kailangan munang pagdusahan ni Jacob ang pagkawala ni Jose, ang kayamanan ng kanyang puso—Gen. 37:31-35.

   **Gen. 37:31-35**—Kaya't kanilang kinuha ang mahabang damit ni Jose, at sila'y pumatay ng isang lalaking kambing, at kanilang inilubog ang mahabang damit sa dugo. [32]Kanilang ipinadala ang mahabang damit na kanyang suot sa kanilang ama, at kanilang sinabi, "Ito'y aming natagpuan, kilalanin mo kung ito'y mahabang damit ng iyong anak o hindi." [33]Nakilala niya ito kaya't kanyang sinabi, "Ito nga ang mahabang damit ng aking anak! Sinakmal siya ng isang mabangis na hayop; tiyak na siya'y nilapa." [34]Pinunit ni Jacob ang kanyang mga suot, at nilagyan niya ng damit-sako ang kanyang mga balakang, at ipinagluksa ng maraming araw ang kanyang anak. [35]Lahat ng kanyang mga anak na lalaki at babae ay nagtangkang siya'y aliwin;

subalit tumanggi siyang maaliw, at kanyang sinabi, “Lulusong akong tumatangis para sa aking anak hanggang sa Sheol.” At tinangisan siya ng kanyang ama.

2. Natutuhan ng isang gumulang na mananampalataya na ang Diyos ay maawain at sumasapat sa lahat upang tugunan ang kanyang mga pangangailangan sa bawat uri ng sitwasyon—43:11, 13-14; 17:1; Fil. 1:19-21a; 4:11-12; cf. 1 Tim. 6:6-8.
   **Gen. 43:11**—Sinabi naman sa kanila ng kanilang amang si Israel, “Kung talagang gayon, gawin ninyo ito: magdala kayo sa inyong sisidlan ng mga piling bunga ng lupain, at dalhan ninyo ng handog ang lalaki ng kaunting mabangong langis at kaunting pulot, pabango, mira, mga pili at almendras.

   **Gen. 43:13-14**—Dalhin din ninyo ang inyong kapatid, at muli kayong maglakbay pabalik sa lalaking iyon. [14]Pagkalooban nawa kayo ng Sumasapat sa lahat na Diyos ng awa sa harapan ng lalaking iyon upang ibalik sa inyo ang inyong isa pang kapatid at si Benjamin. At ako, kung ako'y mangulila, ako'y mangungulila.”

   **Gen. 17:1**—Nang si Abram ay siyamnapu't siyam na taon, si Jehovah ay nagpakita kay Abram, at sa kanya'y nagsabi, “Ako ang Sumasapat sa lahat na Diyos! Lumakad ka sa harapan ko, at maging walang kapintasan.

   **Fil. 1:19-21**—Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, [20]Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. [21]Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

   **Fil. 4:11-12**—Hindi sa ako ay nagsasalita dahil sa kasalatan, sapagkat aking natutuhan ang masiyahan sa anumang kalagayang aking kinaroroonan. [12]Alam ko rin kung paano mapababa, at alam ko kung paano managana; sa bawat bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim kapwa sa kabusugan at sa kagutuman, kapwa sa kasaganaan at sa kasalatan.

   **1 Tim. 6:6-8**—Subalit ang pagkamakadiyos na may kasiyahan ay malaking pakinabang; [7]Kaya tayo ay walang dinalang anuman sa sanlibutan, dahil wala rin tayong mailalabas na anuman. [8]Ngunit kung tayo ay may pagkain at pananamit, masisiyahan na tayo sa mga ito.

3. Ang kanyang pagtitiwala at kapahingahan ay lubusang nasa awa ng kanyang sumasapat sa lahat na Diyos, hindi na sa kanyang sarili o sa kanyang abilidad—Roma 9:16.
   **Roma 9:16**—Kaya nga hindi ito sa kanya na may ibig, ni sa kanya na tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.

4. Ang pinakamatibay na palatandaan ng paggulang ni Jacob ay ang pagpapala niya sa iba—Gen. 47:7, 10; 48:14-16; Heb. 7:7.
   **Gen. 47:7**—Kaya't isinama ni Jose si Jacob na kanyang ama at pinatayo niya sa harapan ng Faraon, at binasbasan ni Jacob ang Faraon.

**Gen. 47:10**—At binasbasan ni Jacob ang Faraon at umalis sa harapan ng Faraon.

**Gen. 48:14-16**—Iniunat ni Israel ang kanyang kanang kamay at ipinatong sa ulo ni Efraim, na siyang bunso, at ang kanyang kaliwang kamay sa ulo ni Manases, na pinagkrus ang kanyang mga kamay; sapagkat si Manases ang panganay. [15]Kanyang binasbasan si Jose, at sinabi, "Ang Diyos na sa harapan niya ay lumakad ang aking mga ninuno na sina Abraham at Isaac, ang Diyos na naging pastol ko simula nang ako'y ipanganak hanggang sa araw na ito, [16]ang Anghel na tumubos sa akin sa bawat kasamaan, nawa'y pagpalain niya ang mga batang ito; at tawagin nawa sila sa aking pangalan, at sa pangalan ng aking mga magulang na sina Abraham at Isaac, at nawa'y dumami sila sa ibabaw ng lupa."

**Heb. 7:7**—Subalit walang pagtatalo, ang mas mababa ay pinagpapala ng mas dakila.

**VIII. Ang gumulang na kasintahang babae ang gol ng kalooban at layunin ng Diyos—Apoc. 19:7-9:**

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

A. Ang kahandaan ng sama-samang kasintahang babae ay nakadepende sa paggulang sa buhay ng mga mandaraig—b. 7; Heb. 6:1; Fil. 3:12-15; Efe. 4:13.

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

**Heb. 6:1**—Kaya't iniiwan ang salita ng panimula ni Kristo, hayaang madala tayo sa paggulang, na hindi muling naglalagay ng pundasyon ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at ng pananampalataya sa Diyos.

**Fil. 3:12-15**—Hindi sa ako ay nakapagkamit na o ngayon ay napasakdal na, kundi naghahabol ako, baka matanganan ko nga yaong ikinatatangan naman sa akin ni Kristo Hesus. [13]Mga kapatid, hindi ko inaaring ako ay nakatangan na; ngunit isang bagay ang ginagawa ko: Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa unahan, [14]Naghahabol ako tungo sa gol para sa gantimpala na ukol dito ang Diyos sa loob ni Kristo Hesus ay pataas akong tinawag. [15]Kaya nga, tayong lahat na mga ganap nang lumago ay magkaroon ng ganitong kaisipan; at kung sa anuman ay nagkakaiba kayo ng iniisip, ito rin ay ihahayag ng Diyos sa inyo.

**Efe. 4:13**—Hanggang sa marating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang pagiging ganap na lumagong tao, ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.

B. Ang kasal ng Kordero ay ang kinalabasan ng kakumpletuhan ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, iyon ay ang magtamo para kay Kristo ng isang kasintahang babae,

ang ekklesia, sa pamamagitan ng Kanyang pambatas na pagtutubos at sa pamamagitan ng Kanyang organikong pagliligtas sa Kanyang dibinong buhay—Gen. 2:22; Roma 5:10; Apoc. 19:7-9; 21:2.
**Gen. 2:22**—At ang tadyang na kinuha ni Jehovah na Diyos sa lalaki ay ginawang isang babae, at dinala siya sa lalaki.

**Roma 5:10**—Sapagkat kung tayo, na mga kaaway, ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

C. Sa Ebanghelyo ni Juan, si Kristo ay inihahayag kapwa bilang Kordero na dumating upang alisin ang kasalanan at bilang Kasintahang lalaki na dumating upang magkaroon Siya ng kasintahang babae—3:29.
**Juan 3:29**—Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki; ngunit ang kaibigan ng kasintahang lalaki, na nakatayo at nakikinig sa kanya, ay lubos na nagagalak dahil sa tinig ng kasintahang lalaki. Kaya ang aking kagalakan ay ganap na.

D. Ang gol ni Kristo ay hindi ang alisin ang kasalanan; ito ay ang magkaroon ng kasintahang babae:
1. Sa aklat ng Apocalipsis, makikita natin na si Kristo ang Kordero at ang darating na Kasintahang lalaki; samakatwid, bilang Kasintahang lalaki, dapat Siyang magkaroon ng isang kasalan—19:7-9.
**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

2. Ang kasalan ng Kordero ay magiging isang pansansinukob na kasalan; ito ang magiging kasal ng Manunubos at ng tinubos.
3. Si Kristo ay darating bilang Kasintahang lalaki, at tayo ay patutungo bilang kasintahang babae.

E. Isang napakahalagang bagay ang kahandaan ng kasintahang babae—b. 7:
**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

1. Ayon sa Apocalipsis 19:8 at 9, ang asawang babae, ang kasintahang babae ni Kristo, rito ay binubuo lamang ng mga nananaig na mananampalataya sa panahon ng milenyum.
   **Apoc. 19:8-9**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

2. Ang kahandaan ng kasintahang babae ay nakadepende sa paggulang sa buhay ng mga mandaraig, na hindi mga hiwa-hiwalay na indibidwal kundi ang sama-samang kasintahang babae.
3. Sa Apocalipsis 19:6, ang tinig ng malaking kalipunan ay nagpapahayag, "Aleluya! Sapagkat ang Panginoon nating Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay naghahari":
   **Apoc. 19:6**—At narinig ko ang gaya ng tinig ng isang malaking kalipunan at gaya ng lagaslas ng maraming tubig at gaya ng dagundong ng malalakas na kulog, na nagsasabi, Aleluya! Sapagkat ang Panginoon nating Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay naghahari.

   a. Ang paghahari ng Diyos, ang kaharian, ay may kaugnayan sa kasal ng Kordero.
   b. Ang kasalan ang magpapasok ng paghahari ng Panginoon, ang kaharian, dahil lahat ng inanyayahang panauhin sa kasalan ay magiging kapwa ang sama-samang kasintahang babae at ang mga kasamang hari ng Kasintahang lalaki; ang lahat ng Kanyang kasamang hari ay magiging Kanyang sama-samang kasintahang babae.
   c. Sa mga mandaraig, ang sanlibong taon ng milenyal na kaharian ay magiging isang piging ng kasalan.
   d. Bawat isang inimbitahan sa piging ng kasalan ay makikilahok din sa sanlibong taong paghahari bilang mga hari.
   e. Para sa mga mandaraig, ang paghahari kasama ni Kristo sa kaharian ang magiging piging ng kasalan—b. 9.
      **Apoc. 19:9**—At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

Mensahe Apat

## Ang Kagandahan ng Kasintahang babae

Babasahin sa Kasulatan: Roma 6:19, 22; Efe. 5:25-27; Apoc. 19:7-9; 1 Tes. 5:23; A. A. 8:13-14

**Roma 6:19**—Nagsasalita ako sa pantaong pamamaraan dahil sa kahinaan ng inyong laman. Sapagkat kung paanong inialay ninyo ang inyong mga sangkap bilang mga alipin sa karumihan at katiwalian tungo sa katiwalian, ngayon naman ay ialay ninyo ang inyong mga sangkap bilang mga alipin sa katuwiran tungo sa pagpapabanal.

**Roma 6:22**—Ngunit ngayon, yamang pinalaya na sa kasalanan at naging mga alipin sa Diyos, kayo ay may inyong bunga tungo sa pagpapabanal, at ang wakas, buhay na walang hanggan.

**Efe. 5:25-27**—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya 26Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. 8At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. 9At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**1 Tes. 5:23**—At ang Diyos ng kapayapaan Mismo ang magpabanal nawang lubos sa inyo, at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay maingatan nawang buo, nang walang kapintasan, sa pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo.

**A. A. 8:13-14**—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin. 14Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa mga bundok ng mga pabango.

**I. Ang proseso ng pandisposisyong pagpapabanal ay ang proseso ng ating organikong kaligtasan bilang ating pagpapaganda upang maging maganda, banal, at maluwalhating kasintahang babae para kay Kristo—1 Tes. 4:3a; 1 Ped. 1:15-16; Efe. 1:4-5; 5:25-27; 1 Tes. 5:23-24; Roma 6:19, 22:**

**1 Tes. 4:3**—Sapagkat ito ang kalooban ng Diyos, ang inyong pagpapabanal: na kayo ay umiwas sa pakikiapid.

**1 Ped. 1:15-16**—Kundi ayon sa Banal na Isa na sa inyo ay tumawag, kayo rin mismo ay maging banal sa lahat ng paraan ng inyong pamumuhay; 16Sapagkat nasusulat, "Kayo ay magiging banal sapagkat Ako ay banal."

**Efe. 1:4-5**—Gaya ng pagkakapili Niya sa atin sa loob Niya bago ang pagtatatag ng sanlibutan upang tayo ay maging banal at walang dungis sa harapan Niya sa loob ng pag-ibig, 5Itinatalaga tayo noong una pa tungo sa pagkaanak sa pamamagitan ni Hesu-Kristo tungo sa Kanyang sarili, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang kalooban.

**Efe. 5:25-27**—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya 26Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, 27Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

**1 Tes. 5:23-24**—At ang Diyos ng kapayapaan Mismo ang magpabanal nawang lubos sa inyo, at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay maingatan nawang buo, nang walang kapintasan, sa

pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo. [24]Tapat Siya na tumatawag sa inyo, na gagawa rin naman nito.

**Roma 6:19**—Nagsasalita ako sa pantaong pamamaraan dahil sa kahinaan ng inyong laman. Sapagkat kung paanong inialay ninyo ang inyong mga sangkap bilang mga alipin sa karumihan at katiwalian tungo sa katiwalian, ngayon naman ay ialay ninyo ang inyong mga sangkap bilang mga alipin sa katuwiran tungo sa pagpapabanal.

**Roma 6:22**—Ngunit ngayon, yamang pinalaya na sa kasalanan at naging mga alipin sa Diyos, kayo ay may inyong bunga tungo sa pagpapabanal, at ang wakas, buhay na walang hanggan.

A. Inihahayag sa Efeso 5:25-27 ang kabuoan ng kumpletong pagliligtas ng Diyos sa paglalahad ng Kristo sa atin sa tatlong yugto:
**Efe. 5:25-27**—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya [26]Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

1. Sa nakalipas, ibinigay ni Kristo ang Kanyang sarili bilang Manunubos para sa ekklesia para sa ating pambatas na katubusan—"Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya"—b. 25.
   **Efe. 5:25**—Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya.

2. Sa kasalukuyan, pandisposisyong pinababanal ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ang ekklesia sa pamamagitan ng pagtitigmak sa kanya ng Kanyang elemento nang sa gayon siya ay maging Kanyang kapareha; ito ay organikong pagliligtas bilang pagpapaganda sa kasintahang babae at paghahanda sa kasintahang babae—"Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita"—b. 26.
   **Efe. 5:26**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

3. Sa hinaharap, ihaharap ni Kristo bilang Kasintahang lalaki ang ekklesia sa Kanyang sarili bilang Kanyang kapareha para sa Kanyang kasiyahan—"Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan"—ito ang pagluluwalhati sa atin para sa paghaharap sa kasintahang babae—b. 27.
   **Efe. 5:27**—Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

4. Sa nakalipas, ibinigay ni Kristo ang Kanyang sarili para sa ekklesia; sa kasalukuyan, pinababanal Niya ang ekklesia; at sa hinaharap, ihaharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili bilang Kanyang kapareha para sa Kanyang kasiyahan; kaya, ang pag-ibig Niya sa ekklesia ay upang pabanalin siya, at ang Kanyang pagpapabanal sa ekklesia ay para maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati.

B. Ang kagandahan ng kasintahang babae ay nagmumula sa mismong Kristo na naisasagawa tungo sa ekklesia at sumisinag mula sa ekklesia upang maihayag sa pamamagitan ng ekklesia—Isa. 43:7; Efe. 3:21.

**Isa. 43:7**—Bawat tinatawag sa Aking pangalan, sila na Aking nilikha ay para sa Aking kaluwalhatian, oo, yaong Aking inanyuan, oo, yaong Aking ginawa."

**Efe. 3:21**—Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailan pa man. Amen.

C. Si Kristo ay isang putong ng kaluwalhatian at isang diadema ng kagandahan sa mga nalabi ng Kanyang bayan—Isa. 28:5:

**Isa. 28:5**—Sa araw na iyon ay magiging korona ng kaluwalhatian si Jehovah ng mga hukbo, at putong ng kagandahan, sa nalabi sa Kanyang bayan.

1. Ang putong ay tulad ng isang sombrero o turbante, samantalang ang diadema ay ang *headband* bilang pinakamaganda, pinakamaluwalhating bahagi ng putong—Exo. 28:36-39; 29:6; Isa. 62:3.

   **Exo. 28:36-39**— "Gagawa ka ng isang pinggan na lantay na ginto, at doo'y iuukit mo na ayon sa ukit ng isang pantatak, 'Banal kay Jehovah.' [37]Iyong ikakabit ito sa ibabaw ng turbante sa pamamagitan ng taling asul, ito'y dapat nasa harapan ng turbante. [38]Ilalagay ito sa noo ni Aaron, at dadalhin ni Aaron sa kanyang sarili ang anumang pagkakasalang napasalin sa banal na handog na itinalaga ng mga anak ni Israel bilang kanilang banal na kaloob; at ito'y ilalagay palagi sa kanyang noo, upang sila'y tanggapin sa harapan ni Jehovah. [39]"Iyong hahabihin ang kasuotan na anyong parisukat mula sa pinong lino, at iyong gagawin ang turbante mula sa pinong lino, at iyong palalagyan ng burda ang pamigkis.

   **Exo. 29:6**—At ipapatong mo ang turbante sa kanyang ulo, at ipapatong mo ang banal na korona sa turbante.

   **Isa. 62:3**—Ikaw naman ay magiging korona ng kagandahan sa kamay ni Jehovah, at koronang hari sa kamay ng iyong Diyos.

2. Kailangang patuloy nating masdan ang kagandahan ng Panginoon sa ekklesia bilang bahay ng Kanyang kagandahan nang sa gayon tayo ay matransporma mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, mapaganda ng Panginoon, upang maging Kanyang magandang kasintahang babae na taglay Siya bilang ating diadema ng kagandahan—2 Cor. 3:18; Apoc. 19:7-9; Isa. 28:5; Awit 27:4; Isa. 60:1, 7, 9, 13, 19; 62:3; Apoc. 21:11.

   **2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

   **Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

   **Isa. 28:5**—Sa araw na iyon ay magiging korona ng kaluwalhatian si Jehovah ng mga hukbo, at putong ng kagandahan, sa nalabi sa Kanyang bayan.

**Awit 27:4**—Isang bagay ang hiningi ko kay Jehovah, na aking hahanapin; na ako'y makapanirahan sa bahay ni Jehovah, sa lahat ng araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan ni Jehovah, at sumangguni sa Kanyang templo.

**Isa. 60:1**—Ikaw ay bumangon, magliwanag ka, sapagkat ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ni Jehovah ay sumikat sa iyo.

**Isa. 60:7**—Lahat ng kawan sa Kedar ay matitipon sa iyo, ang mga lalaking tupa sa Nebayot ay maglilingkod sa iyo; sila'y aahon na may pagtanggap sa Aking altar at Aking luluwalhatiin ang Aking maluwalhating bahay.

**Isa. 60:9**—Tunay na ang mga pulo ay maghihintay sa Akin, at ang mga sasakyang-dagat ng Tarsis ay siyang mangunguna, upang dalhin ang iyong mga anak mula sa malayo, ang kanilang pilak at kanilang ginto na kasama nila, dahil sa pangalan ni Jejovah mong Diyos, at dahil sa Banal ng Israel, sapagkat Kanyang niluwalhati ka.

**Isa. 60:13**—Ang kaluwalhatian ng Lebanon ay darating sa iyo, ang puno ng sipres, ng abeto at ng pino na magkakasama, upang pagandahin ang dako ng Aking santuwaryo; at Aking gagawing maluwalhati ang lugar ng mga paa Ko.

**Isa. 60:19**—Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag kapag araw; o ang buwan man ay magbibigay sa iyo ng liwanag. Kundi si Jehovah ang magiging iyong walang hanggang liwanag, at ang iyong Diyos ay iyong kaluwalhatian.

**Isa. 62:3**—Ikaw naman ay magiging korona ng kagandahan sa kamay ni Jehovah, at koronang hari sa kamay ng iyong Diyos.

**Apoc. 21:11**—Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

II. **Ang pangunahing gawain ng Panginoon sa pagbabawi ay ang Kanyang tunay na gawain na ihanda tayo upang maging Kanyang maluwalhating kasintahang babae; bukod sa patuloy, pandisposisyong pagpapabanal na binanggit sa Efeso 5:26, walang paraan upang maihanda ang kasintahang babae, at kung gayon, walang paraan upang matupad ang Apocalipsis 19:7-9:**

**Efe. 5:26**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

A. Ang ekklesia ay napagaganda sa pamamagitan ng proseso ng pagpapabanal ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay na naglilinis sa atin sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa Kanyang salita—Efe. 5:26-27:

**Efe. 5:26-27**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

1. Ipinahihiwatig nito na sa salita ni Kristo ay naroon ang Espiritu bilang tubig ng buhay; ang mga salitang isinasalita Niya sa atin ay espiritu at buhay—Juan 6:63.
   **Juan 6:63**—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

2. Bilang Espiritung nagbibigay-buhay, si Kristo ang nagsasalitang Espiritu; anuman ang Kanyang sinasalita ay ang salitang naghuhugas sa atin; hindi ito tumutukoy sa *logos*, ang palagiang salita, kundi sa *rhema*, na nangangahulugang isang kagyat na salita, ang salitang kasalukuyang sinasalita sa atin ng Panginoon—Mat. 4:4; Juan 6:63; Apoc. 2:7; 22:17a; cf. Isa. 6:9-10; Mat. 13:14-15; Gawa 28:25-31.
   **Mat. 4:4**—Subalit sumagot Siya at nagsabi, Nasusulat, "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, bagkus sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos."

   **Juan 6:63**—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

   **Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

   **Apoc. 22:17**—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

   **Isa. 6:9-10**—At sinabi Niya, "Ikaw ay humayo, at sabihin mo sa bayang ito: 'Patuloy kayong makinig, ngunit huwag ninyong unawain; patuloy ninyong tingnan, ngunit huwag ninyong alamin!' **10**Patabain mo ang puso ng bayang ito, at iyong pabigatin ang kanilang mga pandinig, at iyong ipikit ang kanilang mga mata; baka sila'y makakita ng kanilang mga mata, at makarinig ng kanilang mga tainga, at makaunawa ng kanilang puso, at magbalik-loob, at magsigaling."

   **Mat. 13:14-15**—At natutupad sa kanila ang propesiya ni Isaias, na nagsasabi, "Sa pakikinig kayo ay makaririnig at hinding-hindi makauunawa, at sa pagtingin kayo ay makakikita at hinding-hindi makababatid. **15**Sapagkat kumapal ang puso ng bayang ito, at nahirapan silang makarinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga, at kanilang ipinikit ang kanilang mga mata, baka sila ay makakita sa pamamagitan ng kanilang mga mata at makarinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga at makaunawa sa pamamagitan ng kanilang puso, at sila ay bumaling, at sila ay Aking pagagalingin."

   **Gawa 28:25-31**—At nang hindi sila magkasundo, sila ay umalis, na sinasabi ni Pablo ang isang salita sa kanila, Wasto ang pagkasalita ng Espiritu Santo sa pamamagitan ni Isaias na propeta sa inyong mga magulang, **26**Na nagsasabi, "Pumunta ka sa bayang ito at sabihin mo, Sa pakikinig kayo ay makaririnig at hinding-hindi makauunawa, at sa pagtingin kayo ay makakikita at hinding-hindi makababatid; **27**Sapagkat kumapal ang puso ng bayang ito, at nahirapan silang makarinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga, at kanilang ipinikit ang kanilang mga mata, baka sila ay makakita sa pamamagitan ng kanilang mga mata at makarinig sa pamamagitan ng kanilang mga tainga at makaunawa sa pamamagitan ng kanilang puso, at sila ay bumaling, at sila ay Aking pagagalingin." **28**Kaya nga alamin ninyo na itong pagliligtas ng Diyos ay ipinadala sa mga Hentil; at pakikinggan din nila ito. **29**At nang masabi na niya ang mga salitang ito, umalis ang mga Hudyo, na may matinding pagtatalo sa gitna nila. **30**At nanirahan si Pablo nang buong dalawang taon sa kanyang sariling inuupahang tirahan at tinanggap ang lahat ng pumupunta sa kanya, **31**Na ipinoproklama ang kaharian ng Diyos at itinuturo ang mga bagay hinggil sa Panginoong Hesu-Kristo nang may buong katapangan, na di-nahahadlangan.

3. Ang pagsasalita ni Kristo ay ang Espiritu; ang Kanyang pagsasalita ay ang mismong presensiya ng Espiritung nagbibigay-buhay—Juan 6:63; Efe. 6:17.
   **Juan 6:63**—Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

   **Efe. 6:17**—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos.

4. Ang naninirahan sa loob na Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay palaging nagsasalita ng isang kagyat, kasalukuyan, buháy na salita upang metabolikong alisin ang luma at halinhan ito ng bago, nagsasanhi ng isang panloob na transpormasyon.

B. Sa pamamagitan ng gayong proseso ng paghuhugas, natitigmakan tayo ni Kristo at napagaganda ni Kristo upang maging Kanyang banal, maganda, at naghahayag ng Diyos na kasintahang babae, isang kasintahang babae na walang dungis o kapintasan—Apoc. 19:7; cf. A. A. 6:13; 8:13-14.
**Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

**A. A. 6:13**—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan.

**A. A. 8:13-14**—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin. **14**Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa mga bundok ng mga pabango.

C. Pinababanal ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ang ekklesia sa pamamagitan ng paglilinis sa kanya ayon sa paghuhugas ng tubig na nasa salita; ayon sa dibinong konsepto, ang *tubig* dito ay tumutukoy sa dumadaloy na buhay ng Diyos na isinasagisag ng dumadaloy na tubig (Exo. 17:6; 1 Cor. 10:4; Juan 7:37-39; Apoc. 7:17; 21:6; 22:1, 17); tayo ngayon ay nasa gayong proseso ng paghuhugas upang ang ekklesia ay maging banal at walang dungis.
**Exo. 17:6**—Ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong hahampasin ang bato, at bubukalan ito ng tubig, upang ang bayan ay makainom." At gayon ang ginawa ni Moises sa paningin ng matatanda sa Israel.

**1 Cor. 10:4**—At lahat ay uminom ng parehong espiritwal na inumin; sapagkat sila ay uminom sa espiritwal na bato na sumunod sa kanila, at ang bato ay si Kristo.

**Juan 7:37-39**—Nang huling araw nga, ang dakilang araw ng kapistahan, tumayo si Hesus at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin at uminom. **38**Ang sumasampalataya tungo sa Akin, gaya ng sinabi ng Kasulatan, mula sa kaibuturan ng kanyang katauhan ay aagos ang mga ilog ng buháy na tubig. **39**Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat ang Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati.

**Apoc. 7:17**—Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

**Apoc. 21:6**—At sinabi Niya sa akin, Nangyari na ang mga ito. Ako ang Alpha at ang Omega, ang Pasimula at ang Wakas. Ang nauuhaw ay paiinumin Ko nang walang bayad sa balong ng tubig ng buhay.

**Apoc. 22:1**—At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

**Apoc. 22:17**—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

D. Ang salitang Griyego para sa *paghuhugas* sa Efeso 5:26 ay literal na *hugasán*; sa Lumang Tipan, ginagamit ng mga saserdote ang hugasán upang hugasan ang kanilang makalupang karumihan (Exo. 30:18-21); araw kada araw, umaga at gabi, kailangan nating lumapit sa Biblia at malinisan ng hugasán ng tubig na nasa salita.

**Efe. 5:26**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

**Exo. 30:18-21**—"Gagawa ka rin ng isang palangganang yari sa tanso, na may patungang tanso, upang paghugasan. Iyong ilalagay ito sa pagitan ng toldang tipanan at ng altar, at iyong sisidlan ito ng tubig. [19]Si Aaron at ang kanyang mga anak ay maghuhugas doon ng kanilang mga kamay at mga paa. [20]Kapag sila'y pumapasok sa toldang tipanan ay maghuhugas sila ng tubig, upang sila'y huwag mamatay, o kapag sila'y lumalapit sa altar upang maglingkod, upang magsunog ng handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy. [21]Kaya't maghuhugas sila ng kanilang mga kamay at mga paa upang huwag silang mamatay. Ito'y magiging isang batas magpakailanman para sa kanila, sa kanya at sa kanyang binhi, sa buong panahon ng kanilang mga salinlahi."

E. Ginagamit ni Pablo ang salitang Griyego na *rhema* kapag binabanggit niya ang salita kasama ang proseso nito ng paghuhugas (Efe. 5:26); ang logos ay ang Salita ng Diyos sa pang-obhektibo na nakatala sa Biblia; ang rhema ay ang salita ng Diyos na sinasalita sa atin sa isang tiyak na pagkakataon (Marc. 14:72; Luc. 1:35-38; 5:5; 24:1-8).

**Efe. 5:26**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

**Marc. 14:72**—At kaagad, tumilaok ang isang tandang sa ikalawang pagkakataon. At naalaala ni Pedro ang salitang sinabi ni Hesus sa kanya, Bago tumilaok ang tandang nang makalawa, ikakaila mo Ako nang tatlong ulit. At nang maisip niya ito, siya ay tumangis.

**Luc. 1:35-38**—At sumagot ang anghel at sinabi sa kanya, Darating sa iyo ang Espiritu Santo at lililim sa iyo ang kapangyarihan ng Kataas-taasan; kaya't ang banal na bagay na isisilang ay tatawaging Anak ng Diyos. [36]At narito, si Elizabeth na iyong kamag-anak, siya rin ay naglihi ng isang anak na lalaki sa kanyang katandaan, at ito ang ikaanim na buwan para sa kanya, siya na tinatawag na baog, [37]Sapagkat walang salita na magiging imposible sa Diyos. [38]At sinabi ni Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon. Mangyari nawa ito sa akin ayon sa iyong salita. At nilisan siya ng anghel.

**Luc. 5:5**—At sumagot si Simon at nagsabi, Panginoon, sa buong magdamag ay nagpagal kami at walang nahuli; subalit alinsunod sa Iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat.

**Luc. 24:1-8**—Ngayon nang unang araw ng sanlinggo, sa pagbubukang-liwayway, sila ay pumunta sa libingan, na dala ang mga espesiya na kanilang inihanda. [2]At nakita nilang naigulong na ang bato mula sa libingan; [3]Subalit nang pumasok sila, hindi nila nakita ang katawan ng Panginoong Hesus. [4]At habang sila ay naguguluhan tungkol dito, narito, dalawang lalaki ang tumayo sa tabi nila na nakasisilaw ang mga damit. [5]At sila ay natakot at isinubsob ang kanilang mga mukha sa lupa, at sinabi sa kanila ng mga lalaki, Bakit ninyo hinahanap ang buháy na Isa sa gitna ng mga patay? [6]Wala Siya rito kundi ibinangon na. Alalahanin ninyo kung paano Siya nagsalita sa inyo noong Siya ay nasa Galilea pa, [7]Na nagsasabing ang Anak ng Tao ay dapat maibigay sa mga kamay ng mga taong

makasalanan at maipako sa krus at sa ikatlong araw ay babangon. [8]At naalaala nila ang Kanyang mga salita.

F. Ang rhema ay naghahayag ng isang bagay sa atin nang personal at tuwiran; ipinakikita nito sa atin kung ano ang kailangan nating tuosin at kung saan tayo kailangang malinisan (ang tansong hugasán ay isang salamin na makapagbabalik-sinag at makapaghahantad—Exo. 38:8); ang mahalagang bagay para sa bawat isa sa atin ay ito—nagsasalita ba ang Diyos ng Kanyang salita sa akin ngayon?
**Exo. 38:8**—Kanyang ginawa ang hugasang yari sa tanso, at ang patungan niyon ay tanso, mula sa mga salamin ng mga babaing lingkod na naglilingkod sa pintuan ng toldang tipanan.

G. Isang bagay na palagi nating pinahahalagahan ay yaong nagsasalita pa rin ngayon sa atin ang Panginoon nang personal at tuwiran; ang totoong paglago sa buhay ay nakadepende sa ating pagtanggap sa salita nang tuwiran mula sa Diyos; tanging ang Kanyang pagsasalita sa atin ang talagang may espiritwal na halaga—Heb. 3:7-11, 15; 4:7; Awit 95:7-8.
**Heb. 3:7-11**—Kaya, gaya ng sinasabi ng Espiritu Santo, "Ngayon, kung maririnig ninyo ang Kanyang tinig, [8]Huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso na gaya ng sa pagpapagalit, sa araw ng pagsubok sa ilang, [9]Kung saan Ako tinukso ng inyong mga magulang sa pamamagitan ng pagsubok sa Akin at nakita nila ang Aking mga gawa sa loob ng apatnapung taon. [10]Kaya't nagalit Ako sa henerasyong ito, at Aking sinabi, Lagi silang naliligaw sa kanilang puso, at hindi nila nalalaman ang Aking mga daan; [11]Kaya't sa Aking galit ay isinumpa Ko, Hindi sila papasok sa Aking kapahingahan!"

**Heb. 3:15**—Samantalang sinasabi, "Ngayon, kung maririnig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso na gaya ng sa pagpapagalit."

**Heb. 4:7**—Muli Siyang nagtakda ng isang araw, ngayon, na sinasabi sa pamamagitan ni David pagkatapos ng mahabang panahon, gaya nga ng sinabi noong una, "Ngayon, kung maririnig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong patigasin ang inyong mga puso."

**Awit 95:7-8**—Sapagkat Siya'y ating Diyos, at tayo'y bayan ng Kanyang pastulan, at mga tupa ng Kanyang kamay. Ngayon kung inyong papakinggan ang Kanyang tinig, [8]huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso, gaya sa Meriba, gaya ng araw sa ilang sa Massah.

H. Ang sentrong punto ng ating mga panalangin ay dapat ang ating pananabik para sa pagsasalita ng Panginoon, na nagbibigay-kakayahan sa ating tuparin ang gol ng Kanyang walang hanggang ekonomiya ayon sa nais ng Kanyang puso na magkaroon ng isang kasintahang babae bilang Kanyang kapareha—Apoc. 2:7; cf. 1 Sam. 3:1, 21; Amos 3:7.
**Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**1 Sam. 3:1**—Ang batang si Samuel ay naglilingkod kay Jehovah sa harap ni Eli. At ang salita ni Jehovah ay bihira noong mga araw na iyon; hindi madalas ang pangitain.

**1 Sam. 3:21**—Nagpakitang muli si Jehovah sa Shilo, sapagkat ipinakilala ni Jehovah ang Kanyang sarili kay Samuel sa Shilo sa pamamagitan ng salita ni Jehovah.

**Amos 3:7**—Tunay na si Jehovah na Diyos ay walang gagawin, malibang Kanyang ihayag ang Kanyang lihim sa Kanyang mga lingkod na mga propeta.

I. Sa isang napakapraktikal na pakahulugan, ang presensiya ng Panginoon ay kaisa ng Kanyang pagsasalita; sa tuwing nagsasalita Siya, natatanto natin ang Kanyang presensiya sa loob natin; ang pagsasalita ni Kristo ay ang mismong presensiya ng Espiritung nagbibigay-buhay.

J. Ang pagsasalita ng naninirahan sa loob na Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob natin ay ang naglilinis na tubig na naglalagak ng isang bagong elemento tungo sa atin upang halinhan ang lumang elemento sa ating kalikasan at disposisyon; ang metabolikong paglilinis na ito ay nagsasanhi ng isang tunay at panloob na pagbabago sa buhay, na siyang realidad ng pandisposisyong pagpapabanal at pagtatransporma.

K. Kailangan tayong mapaganda ni Kristo bilang nagbibigay-buhay, nagsasalitang Espiritu sa ating espiritu; sa pamamagitan ng pagsasalita ng Panginoon sa loob natin bilang Espiritung nagbibigay-buhay, tayo ay nagiging Kanyang maluwalhating ekklesia—Efe. 5:26-27; Apoc. 2:7.

**Efe. 5:26-27**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

**Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**III. Inihahayag ng Efeso 5:27 na ang ekklesia bilang kasintahang babae ni Kristo sa kalaunan ay magiging isang maluwalhating ekklesia, isang ekklesiang naghahayag ng Diyos, "na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan":**

**Efe. 5:27**—Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

A. Ang tanging kagandahan natin ay ang pagliliwanag ni Kristo mula sa loob natin; ang pinahahalagahan ni Kristo sa loob natin ay ang kahayagan ng Kanyang sarili—Awit 50:2; 2 Cor. 3:15-18; cf. Exo. 28:2:

**Awit 50:2**—Mula sa Zion na kasakdalan ng kagandahan, nagliliwanag ang Diyos.

**2 Cor. 3:15-18**—Tunay na hanggang sa araw na ito, sa tuwing binabasa si Moises, may talukbong na nakatakip sa kanilang puso; [16]Ngunit sa tuwing bumabaling ang kanilang puso sa Panginoon, ang talukbong ay naaalis. [17]At ang Panginoon ay ang Espiritu; at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan.[18]Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Exo. 28:2**—Igagawa mo ng mga banal na kasuotan si Aaron na iyong kapatid para sa kaluwalhatian at kagandahan.

1. "Makikita ng iyong mga mata ang Hari sa Kanyang kagandahan" (Isa. 33:17a); "nanaisin ng Hari ang iyong ganda" (Awit 45:11a).

   **Isa. 33:17**—Makikita ng iyong mga mata ang Hari sa Kanyang kagandahan; matatanaw nila ang lupaing nasa malayong lugar.

   **Awit 45:11**—At nanasain ng Hari ang iyong ganda; yamang Siya'y iyong Panginoon, yumukod ka sa Kanya.

2. "Ikaw ay kasingganda ng Tirzah, aking mahal, / Kahali-halina na gaya ng Herusalem, / Kakila-kilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat"—A. A. 6:4.

   **A. A. 6:4**—Ikaw ay kasingganda ng Tirza, aking mahal, kahali-halina na gaya ng Herusalem, kakila-kilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat.

B. Ang maihanda ang kasintahang babae ay nangangahulugang siya ay nadaramtan ng “pinong lino, maningning at malinis,” na siyang “mga katuwiran ng mga banal” (Apoc. 19:8); ang pinong lino na ito ay ang kagandahan ng kasintahang babae.

**Apoc.19:8**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

C. Sa araw ng kanyang kasal, mas pinahahalagahan ng isang kasintahang lalaki ang kagandahan ng kanyang kasintahang babae kaysa sa kanyang kakayahan; ang Panginoong Hesus, ang ating Diyos, ay pangunahing pinahahalagahan ang kagandahan ng Kanyang sarili na naihayag sa pamamagitan ng ating pagkatao; kailangan tayong mapaganda ni Kristo araw kada araw upang maihanda tayo na maiharap sa Kanya bilang Kanyang kaibig-ibig na kasintahang babae.

D. Sa tuwing naglalaan tayo ng panahon upang masdan ang kagandahan ng Panginoon sa Kanyang salita sa pamamagitan ng pagbabasa-dalangin at pagninilay-nilay sa Kanyang salita (Efe. 6:17-18; Awit 119:15), Siya ay nagiging ating kagandahan, at tayo ay napagaganda Niya upang maging bahay ng Kanyang kagandahan upang Siya rin ay mapaganda (27:4; 2 Cor. 3:18; Isa. 60:7b, 9b, 13b, 19b, 21b).

**Efe. 6:17-18**—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos, [18]Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

**Awit 119:15**—Ako'y magbubulay-bulay sa mga tuntunin Mo, at igagalang ang mga daan Mo.

**Awit 27:4**—Isang bagay ang hiningi ko kay Jehovah, na aking hahanapin; na ako'y makapanirahan sa bahay ni Jehovah, sa lahat ng araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan ni Jehovah, at sumangguni sa Kanyang templo.

**2 Cor. 3:18**—Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

**Isa. 60:7**—Lahat ng kawan sa Kedar ay matitipon sa iyo, ang mga lalaking tupa sa Nebayot ay maglilingkod sa iyo; sila'y aahon na may pagtanggap sa Aking altar at Aking luluwalhatiin ang Aking maluwalhating bahay.

**Isa. 60:9**—Tunay na ang mga pulo ay maghihintay sa Akin, at ang mga sasakyang-dagat ng Tarsis ay siyang mangunguna, upang dalhin ang iyong mga anak mula sa malayo, ang kanilang pilak at kanilang ginto na kasama nila, dahil sa pangalan ni Jejovah mong Diyos, at dahil sa Banal ng Israel, sapagkat Kanyang niluwalhati ka.

**Isa. 60:13**—Ang kaluwalhatian ng Lebanon ay darating sa iyo, ang puno ng sipres, ng abeto at ng pino na magkakasama, upang pagandahin ang dako ng Aking santuwaryo; at Aking gagawing maluwalhati ang lugar ng mga paa Ko.

**Isa. 60:19**—Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag kapag araw; o ang buwan man ay magbibigay sa iyo ng liwanag. Kundi si Jehovah ang magiging iyong walang hanggang liwanag, at ang iyong Diyos ay iyong kaluwalhatian.

**Isa. 60:21**—Magiging matuwid na lahat ang iyong bayan, kanilang aangkinin ang lupain magpakailanman, ang sanga ng Aking pananim, ang gawa ng Aking mga kamay, upang Ako'y luwalhatiin.

E. Ang paghuhugas ng tubig na nasa salita sa Efeso 5:26 ay pangunahing tumutuos sa mga dungis at mga kulubot; ang mga dungis ay tumutukoy sa isang bagay ng natural na buhay, at ang mga kulubot ay may kaugnayan sa kalumaan; tanging ang tubig ng buhay ang metabolikong makapag-aalis ng mga gayong kapintasan sa pamamagitan ng transpormasyon ng buhay.
**Efe. 5:26**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita.

F. Ang maging banal ay ang matigmakan ni Kristo at matransporma ni Kristo, at ang maging walang kapintasan ay ang maging walang dungis at walang kulubot, na walang anumang natural na buhay ng ating lumang tao—cf. A. A. 4:7.
**A. A. 4:7**—Ikaw ay totoong maganda, sinta ko; walang kapintasan sa iyo.

G. Gayundin, ang ekklesia ay hindi magkakaroon ng "anumang mga gayong bagay," nangangahulugang hindi siya magkakaroon ng "ganito o ganoong uri ng kapintasan"; dadalhin ng Diyos ang ekklesia sa lugar kung saan walang anumang maaaring sabihin laban sa kanya sa anumang aspekto—Efe. 5:27.
**Efe. 5:27**—Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

**IV. Tumutugma ang Efeso 5:26-27 sa Awit ng mga Awit 8:13-14; parehong naghahayag na tayo ay naihahanda sa pamamagitan ng pagsasalita ng Panginoon sa atin upang maging Kanyang maluwalhating kasintahang babae na may pagnanais sa Kanyang ikalawang pagdating—"[O] ikaw na tumatahan sa mga halamanan, / Ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig; / Iparinig mo sa akin. / Ikaw ay magmadali, [minamahal] ko, / At ikaw ay maging parang usa o batang usa / Sa mga bundok ng mga [espesya]":**

**Efe. 5:26-27**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

**A. A. 8:13-14**—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin. [14]Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa mga bundok ng mga pabango.

A. Sa Awit ng mga Awit ang mapagmahal na naghahanap kay Kristo ay humihiling sa Kanya na naninirahan sa loob ng mga mananampalataya bilang Kanyang mga halamanan na iparinig sa kanya ang Kanyang tinig habang ang kanyang mga kasama ay nakikinig sa Kanyang tinig—8:13; cf. 4:13-16; 5:1; 6:2:
**A. A. 8:13**—Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, ang mga kasama ko ay nakikinig sa iyong tinig. Iparinig mo sa akin.

**A. A. 4:13-16**—Ang iyong mga pananim ay halamanan ng mga granada, na may piling-piling mga bunga; hena na may nardo, [14]may nardo at safro, kalamo at kanela, sampu ng lahat na puno ng kamanyang; mira at mga aloe, sampu ng lahat ng pabangong pinakamainam—[15]isang bukal ng mga halamanan, balon ng mga tubig na buháy, at dumadaloy na batis mula sa Lebanon. [16]Gumising ka, O hanging amihan, at pumarito ka, O hanging habagat! Humihip ka sa aking halamanan, upang ang bango niya'y humalimuyak. Pumasok ang aking sinta sa halamanan niya, at kumain siya ng mga piling-piling bunga.

**A. A. 5:1**—Ako'y dumating sa aking halamanan, kapatid ko, kasintahan ko, aking tinipon ang aking mira pati ang aking pabango, kinain ko ang aking pulot-pukyutan pati ang aking pulot; ininom ko ang aking alak pati ang aking gatas.

**A. A. 6:2**—Ang sinisinta ko'y bumaba sa kanyang halamanan, sa mga pitak ng mga pabango, upang ipastol ang kanyang kawan sa mga halamanan, at upang mamitas ng mga liryo.

1. Ipinahihiwatig nito na sa gawaing ginagawa natin bilang mga mangingibig ni Kristo para sa Kanya bilang ating Minamahal, kailangang panatilihin natin ang ating pakikipagsalamuha sa Kanya, palaging nakikinig sa Kanya—Luc. 10:38-42.
   **Luc. 10:38-42**—Ngayon sa kanilang paglalakbay, pumasok Siya sa isang nayon, at isang babaeng nagngangalang Martha ay tinanggap Siya sa kanyang tahanan. [39]At siya ay may kapatid na babaeng nagngangalang Maria, na nakaupo rin sa paanan ng Panginoon at nakikinig sa Kanyang salita. [40]Subalit si Martha ay naliligalig ng maraming paglilingkod, at lumapit siya sa Kanya at nagsabi, Panginoon, wala bang anuman sa Iyo na pabayaan ako ng aking kapatid na maglingkod nang mag-isa? Sabihin Mo nga sa kanya na gawin niya ang kanyang bahagi kasama ko. [41]Subalit sumagot ang Panginoon at sinabi sa kanya, Martha, Martha, nababalisa ka at nababagabag sa maraming bagay; [42]Subalit isang bagay ang kinakailangan, sapagkat pinili ni Maria ang mabuting bahagi, na hindi kukunin sa kanya.

2. Nakadepende ang ating mga buhay sa mga salita ng Panginoon, at nakadepende ang ating gawain sa Kanyang mga utos (Apoc. 2:7; 1 Sam. 3:9-10; cf. Isa. 50:4-5; Exo. 21:6); kung wala ang mga salita ng Panginoon ay hindi tayo magkakaroon ng anumang pahayag, liwanag, o personal na pagkakilala kay Kristo bilang ating Hari (Isa. 6:1, 5), ating Panginoon (2 Cor. 5:14-15), ating Ulo (Col. 2:19), at ating Asawang lalaki (2 Cor. 11:2); ang buhay ng mga mananampalataya ay lubos na nakasalalay sa pagsasalita ng Panginoon (Efe. 5:26-27).
   **Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

   **1 Sam. 3:9-10**—Kaya't sinabi ni Eli kay Samuel, "Humayo ka, mahiga ka; at kung tatawagin ka Niya ay iyong sasabihin, 'Magsalita ka, O Jehovah; sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod.'" Kaya't humayo si Samuel at nahiga sa kanyang lugar.[10]At si Jehovah ay dumating at tumayo, at tumawag na gaya nang una, "Samuel! Samuel!" Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, "Magsalita Ka; sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod."

   **Isa. 50:4-5**—Binigyan ako ng Panginoong Jehovah ng dila ng mga naturuan, upang aking malaman kung paanong aalalayan ng mga salita ang nanlulupaypay. Siya'y nagigising tuwing umaga, ginigising Niya ang aking pandinig upang makinig na gaya ng mga naturuan. [5]Binuksan ng Panginoong Jehovah ang aking pandinig, at ako'y hindi naging mapaghimagsik, o tumalikod man.

   **Exo. 21:6**—Ay dadalhin siya ng kanyang panginoon sa Diyos, dadalhin siya sa pinto, o sa haligi ng pinto, at bubutasan ng kanyang panginoon ang kanyang tainga ng isang pambutas; at siya'y maglilingkod sa kanya habambuhay.

   **Isa. 6:1**—Noong taong mamatay si Haring Uzias ay nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa isang tronong matayog at mataas; at napuno ang templo ng laylayan ng Kanyang damit.

   **Isa. 6:5**—Nang magkagayo'y sinabi ko: "Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi, at ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na may maruruming labi; sapagkat nakita ng aking mga mata ang Hari, si Jehovah ng mga hukbo!"

   **2 Cor. 5:14-15**—Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; [15]At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.

**Col. 2:19**—At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

**2 Cor. 11:2**—Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakipagtipan ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap kayo bilang isang dalisay na birhen kay Kristo.

**Efe. 5:26-27**—Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

B. Bilang pangwakas na panalangin ng patulang aklat na ito, ang Awit ng mga Awit, nananalangin ang mangingibig ni Kristo na ang kanyang Minamahal ay magmadaling bumalik sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli (usa at batang usa) upang itatag ang Kanyang matamis at magandang kaharian (mga bundok ng mga espesya), na pupuno sa buong lupa—8:14; Apoc. 11:15; Dan. 2:35:
**A. A. 8:14**—Ikaw ay magmadali, sinta ko, at ikaw ay maging parang usa o batang usa sa mga bundok ng mga pabango.

**Apoc. 11:15**—At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

**Dan. 2:35**—Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

1. Inilalarawan ng gayong panalangin ang pag-iisa at pagniniig sa pagitan ni Kristo bilang Kasintahang lalaki at ng Kanyang mga mangingibig bilang kasintahang babae sa kanilang pangkasal na pag-ibig, sa paraang ang panalangin ni Juan, isang mangingibig ni Kristo, bilang pangwakas na salita ng mga Banal na Kasulatan, ay naghahayag ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos hinggil kay Kristo at sa ekklesia sa Kanyang dibinong pag-ibig—Apoc. 22:20.
   **Apoc. 22:20**—Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!

2. Ang "Dumating Ka, Panginoong Hesus!" ay ang huling panalangin sa Biblia (b. 20); nagwawakas ang buong Biblia sa pagnanais para sa pagdating ng Panginoon na ipinahayag bilang isang panalangin.

Mensahe Lima

## Ang Katuwiran ng Kasintahang babae

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 19:7-9; Mat. 5:20; 6:33; 22:2; 2 Cor. 5:21; 1 Juan 1:7, 9; Apoc. 15:3

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.
[8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Mat. 5:20**—Sapagkat sinasabi Ko sa inyo na malibang humigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng kalangitan.

**Mat. 6:33**—Subalit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

**Mat. 22:2**—Ang kaharian ng kalangitan ay naging katulad ng isang hari na naghanda ng piging ng kasalan para sa kanyang anak na lalaki.

**2 Cor. 5:21**—Siya na hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa Niyang kasalanan alang-alang sa atin, upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa loob Niya.

**1 Juan 1:7**—Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag na gaya Niyang nasa liwanag, tayo ay may pakikipagsalamuha sa isa't isa, at ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

**1 Juan 1:9**—Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at matuwid na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan at lilinisin tayo mula sa lahat ng kalikuan.

**Apoc. 15:3**—At inaawit nila ang awit ni Moises, ang alipin ng Diyos, at ang awit ng Kordero, na nagsasabi, Dakila at kagilagilalas ang Iyong mga gawa, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Matuwid at tunay ang Iyong mga daan, O Hari ng mga bansa!

**I. Ang katuwiran ng Diyos ay kung ano ang Diyos sa Kanyang pagkilos na may kinalaman sa katarungan at katuwiran—Apoc. 15:3; Roma 1:16b-17a; Juan 3:16; 1 Juan 1:9:**

**Apoc. 15:3**—At inaawit nila ang awit ni Moises, ang alipin ng Diyos, at ang awit ng Kordero, na nagsasabi, Dakila at kagilagilalas ang Iyong mga gawa, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Matuwid at tunay ang Iyong mga daan, O Hari ng mga bansa!

**Roma 1:16b-17a**—Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya, una sa Hudyo at gayundin sa Griyego. [17]Sapagkat
dito ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya, gaya ng nasusulat, "Ngunit ang matuwid ay magkakaroon ng buhay at mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya."

**Juan 3:16**—Sapagkat gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

**1 Juan 1:9**—Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at matuwid na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan at lilinisin tayo mula sa lahat ng kalikuan.

A. Ang ating karanasan kay Kristo ay nakasalalay sa pundasyon ng katuwiran ng Diyos.

B. Ang pundasyon ay ang katuwiran ng Diyos, ang di-nayayanig na pundasyon ng trono ng Diyos—Awit 89:14.

**Awit 89:14**—Ang katuwiran at katarungan ang mga saligan ng iyong trono, ang tapat na pag-ibig at katapatan ay nagpapauna sa iyo.

## II. Mayroong apat na aspekto ng kahulugan ng katuwiran:

A. Ang katuwiran ay ang maging matuwid sa mga tao, mga bagay, at mga pangyayari sa harap ng Diyos ayon sa Kanyang matuwid at mahigpit na mga kahingian—Mat. 5:20.

**Mat. 5:20**—Sapagkat sinasabi Ko sa inyo na malibang humigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng kalangitan.

B. Ang katuwiran ay ang panlabas na kahayagan ng Kristo na nabubuhay sa loob natin bilang Espiritu—2 Cor. 3:8-9:

**2 Cor. 3:8-9**—Paanong ang ministeryo ng Espiritu ay hindi magiging lalong nasa kaluwalhatian? 9Sapagkat kung may kaluwalhatian sa ministeryo ng kondenasyon, ang ministeryo ng katuwiran ay lalo pang sumasagana sa kaluwalhatian.

1. Ito ang katuwiran bilang larawan ng Diyos—Efe. 4:24; Col. 3:10.

   **Efe. 4:24**—At inyong ibihis ang bagong tao, na nilikha ayon sa Diyos sa katuwiran at kabanalan ng realidad.

   **Col. 3:10**—At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya.

2. Ang ministeryo ng katuwiran ay isang ministeryo ng larawan ng Panginoon—2 Cor. 3:9.

   **2 Cor. 3:9**—Sapagkat kung may kaluwalhatian sa ministeryo ng kondenasyon, ang ministeryo ng katuwiran ay lalo pang sumasagana sa kaluwalhatian.

C. Ang katuwiran ay isang bagay ng kaharian ng Diyos—Mat. 6:33; Awit 89:14:

**Mat. 6:33**—Subalit hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo.

**Awit 89:14**—Ang katuwiran at katarungan ang mga saligan ng iyong trono, ang tapat na pag-ibig at katapatan ay nagpapauna sa iyo.

1. Ang kaharian ng Diyos ay katuwiran.
2. Ang katuwiran ay may kaugnayan sa pamahalaan, administrasyon, at pamumuno ng Diyos.

D. Ang katuwiran ay isang bagay ng ating pagiging matuwid sa Diyos sa ating katauhan—2 Cor. 5:21:

**2 Cor. 5:21**—Siya na hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa Niyang kasalanan alang-alang sa atin, upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa loob Niya.

1. Ang maging matuwid sa Diyos sa ating katauhan ay ang magkaroon ng isang panloob na katauhan na malinaw at sinlinaw ng kristal, isang panloob na katauhan na nasa isipan at kalooban ng Diyos.
2. Ito ay isang bagay ng ating pagiging katuwiran ng Diyos sa loob ni Kristo—b. 21.

**2 Cor. 5:21**—Siya na hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa Niyang kasalanan alang-alang sa atin, upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa loob Niya.

**III. Ang katuwiran ay may kaugnayan sa panlabas na mga gawa, mga paraan, mga pagkilos, at mga gawain ng Diyos—Apoc. 15:3:**

**Apoc. 15:3**—At inaawit nila ang awit ni Moises, ang alipin ng Diyos, at ang awit ng Kordero, na nagsasabi, Dakila at kagilagilalas ang Iyong mga gawa, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Matuwid at tunay ang Iyong mga daan, O Hari ng mga bansa!

A. Ang lahat ng bagay na ginagawa ng Diyos ay matuwid—Roma 1:16-17.
**Roma 1:16-17**—Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya, una sa Hudyo at gayundin sa Griyego. 17Sapagkat dito ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya, gaya ng nasusulat, "Ngunit ang matuwid ay magkakaroon ng buhay at mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya."

B. Anuman ang Diyos sa Kanyang katarungan at katuwiran ay bumubuo sa Kanyang katuwiran.

**IV. Ang Diyos ay matuwid sa dugo ni Hesus na Kanyang Anak—1 Juan 1:7, 9:**

**1 Juan 1:7**—Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag na gaya Niyang nasa liwanag, tayo ay may pakikipagsalamuha sa isa't isa, at ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

**1 Juan 1:9**—Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at matuwid na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan at lilinisin tayo mula sa lahat ng kalikuan.

A. Ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita (b. 10) at matuwid sa dugo ni Hesus na Kanyang Anak.
**1 Juan 1:10**—Kung sinasabi natin na hindi tayo nagkasala, ginagawa natin Siyang sinungaling, at ang Kanyang salita ay wala sa atin.

B. Ang Kanyang salita ay ang salita ng katotohanan ng Kanyang ebanghelyo (Efe. 1:13), na nagsasabi sa atin na patatawarin Niya tayo sa ating mga kasalanan dahil kay Kristo (Gawa 10:43); tinupad na ng dugo ni Kristo ang Kanyang mga matuwid na kahingian upang mapatawad Niya tayo sa ating mga kasalanan (Mat. 26:28).
**Efe. 1:13**—Na sa Kanya kayo rin naman, pagkarinig ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan, kayo na sumampalataya rin sa Kanya ay tinatakan ng Espiritu Santo ng pangako.

**Gawa 10:43**—Tungkol sa Isang ito ay nagpapatotoo ang lahat ng propeta na sa pamamagitan ng Kanyang pangalan ang bawat isa na sumasampalataya tungo sa Kanya ay tatanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan.

**Mat. 26:28**—Sapagkat ito ang Aking dugo ng tipan, na ibinubuhos para sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

C. Ang mapatawad tayo ay ang mapalaya tayo mula sa pagsalangsang ng ating mga kasalanan, samantalang ang malinisan tayo ay ang mahugasan tayo mula sa bahid ng ating kalikuan.

**V. Ang katuwiran ay may kaugnayan sa kaharian ng Diyos—Roma 14:17:**

**Roma 14:17**—Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi pagkain at pag-inom, kundi katuwiran at kapayapaan at kagalakan sa Espiritu Santo.

A. Ang buhay-ekklesia ay ang kaharian ng Diyos, at ang kaharian ng Diyos ay katuwiran.

B. Ang trono ng Diyos ay naitatag sa pamamagitan ng katuwiran bilang pundasyon—Awit 89:14.

**Awit 89:14**—Ang katuwiran at katarungan ang mga saligan ng Iyong trono, ang tapat na pag-ibig at katapatan ay nagpapauna sa Iyo.

C. Kung saan naroon ang katuwiran ng Diyos, naroon din ang Kanyang kaharian—Isa. 32:1; Heb. 1:8-9.

**Isa. 32:1**—Narito, ang isang hari ay maghahari sa katuwiran, at ang mga pinuno ay mamumuno na may katarungan.

**Heb. 1:8-9**—Ngunit tungkol sa Anak, "Ang Iyong trono, O Diyos, ay magpakailan pa man, at ang setro ng pagkamatuwid ay ang setro ng Iyong kaharian. [9]Inibig Mo ang katuwiran at kinamuhian ang katiwalian; kaya't pinahiran Ka ng Diyos, ang Iyong Diyos, ng langis ng masidhing kagalakan nang higit sa Iyong mga kasama".

D. Sa Lumang Tipan, ang katuwiran ay madalas na kasingkahulugan ng kaharian.

E. Kung saan may katuwiran, lahat ng bagay ay natitipon sa ilalim ng isang ulo sa isang wastong paraan; ito ang kaharian.

F. Una munang ibinubunga ng katuwiran ang larawan ng Diyos, at pagkatapos ay itinatatag ng katuwiran ang kaharian ng Diyos:

1. Sa Roma 8 ay mayroon tayong katuwiran at larawan ng Diyos.
2. Sa Roma 14 ay mayroon tayong katuwiran at kaharian ng Diyos.
3. Kapwa ang larawan at ang kaharian ay batay sa katuwiran.

G. Ang sabihing ang katuwiran ay maninirahan sa bagong kalangitan at bagong lupa (2 Ped. 3:13) ay nangangahulugang ang lahat ng bagay ay magiging nasa kaayusan, matitipon sa ilalim ng isang ulo, at mareregulahan:

**2 Ped. 3:13**—Huwag kayong magtaka, mga kapatid, kung ang sanlibutan ay napopoot sa inyo.

1. Ang lahat ng bagay ay mapamamahalaan, makokontrol, at mapasasailalim sa wastong pamumuno, sapagkat ang trono ng Diyos, ang kaharian, ang dibinong administrasyon, ay naroroon.
2. Ang magiging resulta ay kapayapaan at kagalakan.

**VI. Sa Apocalipsis 19:7-8 ay makikita natin ang katuwiran ng kasintahang babae:**

**Apoc. 19:7-8**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

A. May dalawang aspekto ni Kristo bilang katuwiran sa mga mananampalataya:

1. Ang unang aspekto ay ang maging katuwiran ng mga mananampalataya upang ariing-matuwid sila sa harap ng Diyos sa pang-obhektibo sa panahon ng kanilang pagsisisi patungo sa Diyos at pagsampalataya paloob kay Kristo—Roma 3:24-26; Gawa 13:39; Gal. 3:24b, 27.

**Roma 3:24-26**—Yamang inaaring-matuwid nang walang bayad ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pagtutubos na na kay Kristo Hesus; [25]Na siyang inilagay ng Diyos bilang dako ng pagpapalubag-loob sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang dugo, para sa pagpapakita ng Kanyang katuwiran, na sa Kanyang kahinahunan ay nilampasan ng Diyos ang mga kasalanang naganap noong nakaraan, [26]Na may layuning ipakita ang Kanyang katuwiran

sa kasalukuyang panahon, upang Siya ay maging matuwid at ang Isa na nag-aaring-matuwid sa kanya, siya na sa pananampalataya ni Hesus.

**Gawa 13:39**—At sa lahat ng bagay na hindi kayo maaaring ariingmatuwid ng kautusan ni Moises, sa Isang ito ang bawat sumasampalataya ay inaaring-matuwid.

**Gal. 3:24b**—Kaya't ang kautusan ay naging ating tagapaghatid tungo kay Kristo upang tayo ay ariing-matuwid mula sa pananampalataya.

2. Ang ikalawang aspekto ay ang maging katuwiran ng mga mananampalataya na ibinuhay palabas sa kanila bilang pagpapakita ng Diyos, na siyang katuwiran sa loob ni Kristo na ibinigay sa mga mananampalataya upang sila'y ariing-matuwid ng Diyos sa pansubhektibo—Roma 4:25; 1 Ped. 2:24a; Sant. 2:24; Mat. 5:20; Apoc. 19:8.
   **Roma 4:25**—Na ibinigay dahil sa ating mga pagsalangsang at ibinangon para sa ating ikaaaring-matuwid.

   **1 Ped. 2:24a**—Siya Mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa puno, upang tayo, na namatay sa mga kasalanan, ay mabuhay sa katuwiran; dahil sa Kanyang mga sugat ay gumaling kayo.

   **Sant. 2:24**—Nakikita ninyo na ang tao ay inaaring-matuwid sa pamamagitan ng mga gawa at hindi sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.

   **Mat. 5:20**—Sapagkat sinasabi Ko sa inyo na malibang humigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng kalangitan.

   **Apoc. 19:8**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

3. Bilang ating obhektibong katuwiran, si Kristo ang Isa kung kanino tayo inaring-matuwid ng Diyos—Roma 3:24, 28; 4:25; 5:1, 9, 16, 18.
   **Roma 3:24**—Yamang inaaring-matuwid nang walang bayad ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pagtutubos na na kay Kristo Hesus.

   **Roma 3:28**—Sapagkat ibinibilang natin na ang isang tao ay inaaringmatuwid sa pamamagitan ng pananampalataya nang hiwalay sa mga gawa ng kautusan.

   **Roma 4:25**—Na ibinigay dahil sa ating mga pagsalangsang at ibinangon para sa ating ikaaaring-matuwid.

   **Roma 5:1**—Kaya yamang tayo ay mga inaring-matuwid mula sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo.

   **Roma 5:9**—Higit pa kung gayon, ngayong inaring-matuwid na sa Kanyang dugo, tayo ay maliligtas mula sa poot sa pamamagitan Niya.

   **Roma 5:16**—At ang nangyari sa kaloob na walang bayad ay hindi gaya ng sa isa na nagkasala; sapagkat ang kahatulan ay mula sa isang *pagsalangsang* sa ikakokondena, subalit ang mabiyayang kaloob ay mula sa maraming pagsalangsang sa ikaaaring-matuwid.

**Roma 5:18**—Kaya nga *kung paanong* sa pamamagitan ng isang pagsalangsang ang sa ikakokondena ng lahat ng tao, gayundin ay sa pamamagitan ng isang matuwid na gawa ang sa ikaaaring-matuwid para sa buhay ng lahat ng tao.

4. Bilang ating subhektibong katuwiran, si Kristo ang Isa na naninirahan sa atin upang ibuhay para sa atin ang isang buhay na maaaring ariing-matuwid ng Diyos at yaong palaging katanggap-tanggap sa Diyos—Mat. 5:6, 20.
   **Mat. 5:6**—Pinagpala ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin.

   **Mat. 5:20**—Sapagkat sinasabi Ko sa inyo na malibang humigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng kalangitan.

B. Ang Kristo na ibinuhay ng mga banal bilang kanilang subhektibong katuwiran ay nagiging kanilang damit pangkasal—Apoc. 19:8:
**Apoc. 19:8** At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

1. Ang katuwirang natanggap natin para sa ating kaligtasan ay obhektibo at nagbibigay-kakayahan sa atin na matugunan ang kahingian ng matuwid na Diyos, samantalang ang mga katuwiran ng mga nananaig na banal ay subhektibo at nagbibigay-kakayahan sa kanila na matugunan ang kahingian ng nananaig na Kristo—1 Cor. 1:30; Fil. 3:9.
   **1 Cor. 1:30**—Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

   **Fil. 3:9**—At masumpungan sa loob Niya, na hindi tinataglay ang sarili kong katuwiran na mula sa kautusan, kundi yaong sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwiran na mula sa Diyos at batay sa pananampalataya.

2. Ang damit pangkasal sa Mateo 22:11-12 ay sumasagisag sa Kristo na ibinubuhay natin at na inihahayag sa pamamagitan natin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang ating humihigit na katuwiran—5:20; Apoc. 3:4-5, 18.
   **Mat. 22:11-12**—Subalit nang pumasok ang hari upang tingnan ang mga nakahilig sa *dulang*, nakita niya roon ang isang taong hindi nakasuot ng damit pangkasal, [12]At sinabi niya sa kanya, Kaibigan, paano ka nakapasok dito nang hindi nakadamit pangkasal? At hindi siya nakapagsalita.

   **Mat. 5:20**—Sapagkat sinasabi Ko sa inyo na malibang humigit ang inyong katuwiran sa *katuwiran* ng mga eskriba at mga Fariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng kalangitan.

   **Apoc. 3:4-5**—Subalit mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi dinungisan ang kanilang mga damit, at lalakad silang kasama Ko na nakaputi, sapagkat sila ay karapat-dapat. [5]Ang nananaig ay daramtang gayon, ng mga puting damit, at hinding-hindi Ko buburahin ang kanyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag Ko ang kanyang pangalan sa harap ng Aking Ama at sa harap ng Kanyang mga anghel.

   **Apoc. 3:18**—Ipinapayo Ko sa iyo na bumili ka sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy upang ikaw ay yumaman, at ng mga puting damit upang ikaw ay madamtan at upang hindi mahayag

ang kahihiyan ng iyong kahubaran, at ng pamahid sa mata upang pahiran ang iyong mga mata nang sa gayon ay makakita ka.

C. Ang kasintahang babae ng Panginoon, ang Kanyang asawa, "ay naghanda na ng kanyang sarili. At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal"—19:7b-8:

**Apoc. 19:7b-8**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

1. Malinaw na iniuugnay ng Apocalipsis 19:8 ang kasuotan sa katuwiran.
   **Apoc. 19:8**—At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal.

2. Ang salitang *mga katuwiran* sa bersikulo 8 ay pangmaramihan at maaaring isalin bilang "matutuwid na gawa."
3. Ang mga katuwiran ay hindi tumutukoy kay Kristo bilang ating katuwiran, na natanggap natin para sa ating kaligtasan—1 Cor. 1:30.
   **1 Cor. 1:30**—Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

4. Ang pinong lino ay nagpapahiwatig ng ating nananaig na buhay, ang ating nananaig na pamumuhay.
5. Ang pinong lino ay ang Kristo na ating ibinubuhay mula sa ating katauhan.

D. "Pinagpala ang mga [mga nananaig na banal] inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero."—Apoc. 19:9:

**Apoc. 19:9**—At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

1. Ang pangkasalang hapunan ng Kordero dito ay ang piging ng kasalan sa Mateo 22:2.
   **Mat. 22:2**—Ang kaharian ng kalangitan ay naging katulad ng isang hari na naghanda ng piging ng kasalan para sa kanyang anak na lalaki.

2. Ang maanyayahan sa pangkasalang hapunan ni Kristo ay ang maging pinagpala.
3. Ang mga nananaig na mananampalataya, na maaanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero, ay magiging kasintahan din ng Kordero—Apoc. 19:7.
   **Apoc. 19:7**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

Mensahe Anim

## Ang Kasintahang babae bilang Sama-samang Mandirigma

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 6:10-20

**Efe. 6:10-20**—Sa katapus-tapusan, magpakaalakas kayo sa loob ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan. [11]Isuot ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga pakana ng diyablo, [12]Sapagkat ang ating pakikipagbuno ay hindi laban sa dugo at laman kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga awtoridad, laban sa mga pinuno ng sanlibutan ng kadilimang ito, laban sa mga espiritwal na *puwersa* ng kasamaan sa sangkalangitan. [13]Kaya't kunin ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatagal sa masamang araw, at pagkatapos magawa ang lahat, ay tumayo. [14]Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran [15]At nasasapnan ang inyong mga paa ng matibay na pundasyon ng ebanghelyo ng kapayapaan; [16]Bukod sa lahat ng ito, kinukuha ang kalasag ng pananampalataya, na siyang maipampapatay ninyo sa lahat ng nagliliyab na suligi ng masamang isa. [17]At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na *ang Espiritu* ay ang salita ng Diyos, [18]Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal, [19]At para sa akin, na ako ay pagkalooban ng pananalita sa pagbukas ng aking bibig, upang ipaalam nang may katapangan ang hiwaga ng ebanghelyo, [20]Na dahil dito, ako ay isang embahador na natatanikalaan, upang sa ganito ako ay magsalita nang may katapangan, gaya ng nararapat kong salitain.

**I. Inihahayag sa Efeso 6:10-20 na ang kasintahang babae ay isang sama-samang mandirigma na nakikipaglaban sa kaaway ng Diyos para sa kaharian ng Diyos:**

**Efe. 6:10-20**—Sa katapus-tapusan, magpakaalakas kayo sa loob ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan. [11]Isuot ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga pakana ng diyablo, [12]Sapagkat ang ating pakikipagbuno ay hindi laban sa dugo at laman kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga awtoridad, laban sa mga pinuno ng sanlibutan ng kadilimang ito, laban sa mga espiritwal na *puwersa* ng kasamaan sa sangkalangitan. [13]Kaya't kunin ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatagal sa masamang araw, at pagkatapos magawa ang lahat, ay tumayo. [14]Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran [15]At nasasapnan ang inyong mga paa ng matibay na pundasyon ng ebanghelyo ng kapayapaan; [16]Bukod sa lahat ng ito, kinukuha ang kalasag ng pananampalataya, na siyang maipampapatay ninyo sa lahat ng nagliliyab na suligi ng masamang isa. [17]At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na *ang Espiritu* ay ang salita ng Diyos, [18]Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal, [19]At para sa akin, na ako ay pagkalooban ng pananalita sa pagbukas ng aking bibig, upang ipaalam nang may katapangan ang hiwaga ng ebanghelyo, [20]Na dahil dito, ako ay isang embahador na natatanikalaan, upang sa ganito ako ay magsalita nang may katapangan, gaya ng nararapat kong salitain.

A. Kapag ang nananaig na mangingibig ni Kristo ay naging kaisa ng Diyos upang maging pinaninirahang lugar ng Diyos, sa mga mata ng Diyos siya ay kasingganda ng Tirzah at kahali-halina na gaya ng Herusalem; gayunpaman, sa kaaway siya ay kakila-kilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat—A. A. 6:4:

**A. A. 6:4**—Ikaw ay kasingganda ng Tirza, aking mahal, kahali-halina na gaya ng Jerusalem, kakilakilabot na gaya ng hukbo na may mga watawat.

1. Ang mga watawat ay nagpapahiwatig ng pagiging handang makipaglaban at gayundin ay isang tanda na ang tagumpay ay nakamit na; ang isang kakila-kilabot na hukbo ay nangangahulugang nasisindak ng mga mandaraig ng Panginoon ang kaaway ng Diyos, si Satanas.
2. Nakikipaglaban ang hukbong ito para sa kaharian ng Diyos sa pagbaba ng bayan ng Diyos upang maging mga mandaraig na tumutugon sa pagtawag ng Panginoon (Apoc. 2:7, 11, 17, 26; 3:5, 12, 21); sa kalaunan, ang mga mandaraig ay magiging sama-samang kasintahang babae upang pakasalan si Kristo (19:7-9); pagkatapos ng kanilang kasal, ang kasintahang babae na ito ay magiging isang hukbo upang makipaglaban kasama ni Kristo, ang kanyang Asawa, upang talunin si Antikristo kasama ang lahat ng kanyang tagasunod (bb. 11-21).

   **Apoc. 2:7**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

   **Apoc. 2:11**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay hinding-hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan.

   **Apoc. 2:17**—Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap *nito*.

   **Apoc. 2:26**—At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa.

   **Apoc. 3:5**—Ang nananaig ay daramtang gayon, ng mga puting damit, at hinding-hindi Ko buburahin ang kanyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag Ko ang kanyang pangalan sa harap ng Aking Ama at sa harap ng Kanyang mga anghel.

   **Apoc. 3:12**—Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hinding-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan.

   **Apoc. 3:21**—Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

   **Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

   **Apoc. 19:11-21**—At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma. [12]At ang Kanyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa Kanyang ulo ay maraming iadema, *at* Siya ay may pangalang nakasulat na walang sinuman ang nakaaalam kundi Siya Mismo. [13]At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos. [14]At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa Kanya na mga nakasakay sa mga puting kabayo, nadaramtan ng pinong lino, maputi *at* malinis. [15]At lumalabas mula sa Kanyang bibig ang isang matalas na tabak, upang

sa pamamagitan nito ay masaktan Niya ang mga bansa; at Kanyang papastulin sila ng pamalong bakal; at tinatapakan Niya ang pisaan ng ubas ng matinding galit ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. 16At Siya ay may pangalang nakasulat sa Kanyang damit at sa Kanyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON. 17At nakita ko ang isang anghel na nakatayo sa araw, at sumigaw siya nang may malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng ibong lumilipad sa gitna ng langit, Halikayo; magtipon kayo sa malaking hapunan ng Diyos, 18Upang makain ninyo ang laman ng mga hari at ang laman ng mga heneral at ang laman ng malalakas na tao at ang laman ng mga kabayo at ng mga nakasakay rito at ang laman ng lahat ng tao, kapwa malaya at alipin at maliliit at malalaki. 19At nakita ko ang halimaw at ang mga hari sa lupa at ang kanilang mga hukbo na nagtipon upang makipagdigma sa Kanya na nakasakay sa kabayo at sa Kanyang hukbo. 20At hinuli ang halimaw, at kasama niya ang huwad na propeta, na gumawa ng mga tanda sa harap niya na siyang ipinanlinlang sa mga tumanggap ng marka ng halimaw at sa mga sumamba sa kanyang imahen. Ang dalawang ito ay inihagis nang buháy sa dagat-dagatang apoy, na nagliliyab sa asupre. 21At ang natitira ay pinatay sa pamamagitan ng tabak na lumalabas sa bibig Niya na nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng ibon ay nabusog sa mga laman nila.

B. Ang ekklesia bilang kasintahang babae sa katunayan ay ang sama-samang tao sa intensiyon ng Diyos, na tutupad sa dalawang layunin na paghahayag sa Diyos at pagtutuos sa kaaway ng Diyos—Gen. 1:26.

**Gen. 1:26**—Sinabi ng Diyos, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

C. Hindi lamang kailangang matupad ang walang hanggang layunin ng Diyos at mabigyang-kasiyahan ang nais ng puso ni Kristo, bagkus kailangang matalo ang kaaway ng Diyos; para dito, ang ekklesia ay kailangang maging isang mandirigma.

D. Ang ating paglakad ay para sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos, ang ating pamumuhay ay para sa kasiyahan ni Kristo, at ang ating pakikidigma ay para sa pagkatalo ng kaaway ng Diyos—Efe. 4:1; 5:2, 8; 6:10-11.

**Efe. 4:1**—Kaya't namamanhik ako sa inyo, ako, na bilanggo sa loob ng Panginoon, na kayo ay lumakad nang karapat-dapat sa pagtawag na sa inyo ay itinawag.

**Efe. 5:2**—At lumakad kayo sa loob ng pag-ibig, gaya rin naman ni Kristo na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin, na isang handog at isang hain sa Diyos para sa isang mabangong samyo.

**Efe. 5:8**—Sapagkat kayo noon ay kadiliman subalit ngayon ay liwanag sa loob ng Panginoon; lumakad kayo bilang mga anak ng liwanag.

**Efe. 6:10-11**—Sa katapus-tapusan, magpakalakas kayo sa loob ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan. Isuot ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga pakana ng diyablo.

**II. Ang patotoo ni Hesus sa panahon ng milenyum ay ang kasintahang babae ni Kristo—ang mga mandaraig na siyang mga kasamang hari ni Kristo—Apoc. 19:7-9; 20:4, 6:**

**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.
8At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. 9At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga

inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Apoc. 20:4**—At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At *nakita ko* ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at *ng mga yaong* hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon.

**Apoc. 20:6**—Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

A. Ang pagbabawi ng Panginoon ay para sa paghahanda ng kasintahang babae ni Kristo (19:7-9; 21:2); sa katapus-tapusan, maiwawangis tayo upang maging kahanga-hangang Shulamita, na, bilang duplikasyon ni Solomon, ay ang pinakadakila at sukdulang larawan ng Bagong Herusalem bilang kapareha, kasintahang babae, ni Kristo (A. A. 6:13; Apoc. 21:2, 9-10; 22:17a).
**Apoc. 19:7-9**—Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning *at* malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**A. A. 6:13**—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan.

**Apoc. 21:2**—At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

**Apoc. 21:9-10**—At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok na punô ng pitong huling salot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Halika; ipakikita ko sa iyo ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero. [10]At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

**Apoc. 22:17a**—At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

B. Inihahalintulad ang Shulamita sa sayaw ng dalawang kampo, o dalawang hukbo (Heb. *mahanaim*), sa paningin ng Diyos; pagkakita ni Jacob sa mga anghel ng Diyos, ang dalawang hukbo ng Diyos, pinangalanan niyang Mahanaim ang lugar kung saan siya naroroon at hinati niya sa "dalawang hukbo" ang kanyang mga asawa, mga anak, at mga ari-arian—A. A. 6:13; Gen. 32:1-10:
**A. A. 6:13**—Bumalik ka, bumalik ka, O Shulamita. Bumalik ka, bumalik ka, upang ikaw ay aming pagmasdan.

**Gen. 32:1-10**—Nagpatuloy si Jacob sa kanyang paglakad, at sinalubong siya ng mga anghel ng Diyos. [2]Nang makita sila ni Jacob ay sinabi niya sa kanila, “Ito'y kampo ng Diyos!” Kaya't tinawag niya ang pangalan ng lugar na iyon na Mahanaim. [3]Si Jacob ay nagpasugo kay Esau na kanyang kapatid sa lupain ng Seir, sa bayan ng Edom. [4]Sila'y kanyang inutusan na sinasabi, “Ganito ang inyong sasabihin kay Esau na aking panginoon. Ganito ang sabi ng iyong lingkod na si Jacob, ‘Ako'y tumigil ng ilang panahon kay Laban at namalagi roon hanggang ngayon. [5]Mayroon akong mga baka, mga asno, mga kawan, at mga aliping lalaki at babae; at ako'y nagpasugo sa aking panginoon, upang ako'y makatagpo ng biyaya sa iyong paningin.’” [6]Ang mga sugo ay bumalik kay Jacob, na nagsasabi, “Nakarating kami sa iyong kapatid na si Esau, at siya ay darating din upang sumalubong sa iyo, at kasama niya ang apatnaraang tao.” [7]Kaya't natakot nang husto at nabahala si Jacob; at kanyang hinati sa dalawa ang mga taong kasama niya, ang mga kawan, ang mga bakahan, at ang mga kamelyo. [8]At kanyang sinabi, “Kung dumating si Esau sa isang pulutong at kanyang puksain ito, ang pulutong na natitira ay tatakas.” [9]Sinabi ni Jacob, “O Diyos ng aking amang si Abraham, at Diyos ng aking amang si Isaac, O Jehovah, na nagsabi sa akin, ‘Bumalik ka sa iyong lupain at sa iyong kamag-anak at gagawa ako ng mabuti sa iyo.’ [10] Hindi ako karapat-dapat sa lahat ng kaawaan, at lahat ng katotohanan na iyong ginawa sa iyong lingkod sapagkat dumaan ako sa Jordang ito na dala ang aking tungkod, at ngayo'y naging dalawang pulutong ako.

1. Ang espiritwal na kahulugan ng dalawang hukbo ay ang matibay na patotoo na higit pa tayong nakapananagumpay, tayo ay “labis na nananaig,” sa pamamagitan Niya na umibig sa atin ayon sa prinsipyo ng Katawan ni Kristo—Roma 8:37; 12:5; Deut. 32:30; Ecl. 4:9-12.
   **Roma 8:37**—Ngunit sa lahat ng bagay na ito ay higit pa tayong nakapananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa atin.

   **Roma 12:5**—Gayundin tayo na marami ay iisang Katawan sa loob ni Kristo, at ang bawat isa ay sangkap ng isa’t isa.

   **Deut. 32:30**—Paano hahabulin ng isa ang isanlibo, at patatakbuhin ng dalawa ang sampung libo, malibang ipinagbili sila ng kanilang Bato, at ibinigay na sila ng Panginoon?

   **Ecl. 4:9-12**—Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa; sapagkat sila'y may mabuting gantimpala sa kanilang pagpapagod. [10]Sapagkat kung sila'y bumagsak, ibabangon ng isa ang kanyang kasama; ngunit kahabag-habag siya na nag-iisa kapag siya'y bumagsak; at walang iba na magbabangon sa kanya. [11]Muli, kung ang dalawa ay mahigang magkasama, may init nga sila; ngunit paanong maiinitan ang nag-iisa? [12]At bagaman ang isang tao ay maaaring magtagumpay laban sa iba, ang dalawa ay magtatagumpay laban sa isa. Ang panaling may tatlong pisi ay hindi agad napapatid.

2. Hindi gusto ng Diyos ang mga malakas sa kanilang sarili; ang gusto Niya ay ang mga walang lakas, mga mas mahina, mga babae at mga bata lamang; ang mga ibibilang na karapat-dapat na maging mga mandaraig ay ang mga mas mahina na dumedepende sa Panginoon—1 Cor. 1:26-28; 2 Cor. 12:9-10; 13:3-5; A. A. 8:6.
   **1 Cor. 1:26-28**—Sapagkat isaalang-alang ninyo ang inyong pagkatawag, mga kapatid, na hindi marami ang marurunong ayon sa laman, hindi marami ang makapangyarihan, hindi marami ang isinilang na marangal. [27]Kundi pinili ng Diyos ang mga mangmang na bagay ng sanlibutan upang maipahiya Niya *yaong* marurunong, at pinili ng Diyos ang mahihinang bagay ng sanlibutan upang maipahiya Niya ang mga bagay na malalakas, [28]At ang mababababang bagay ng sanlibutan at ang mga hamak na bagay ay pinili ng Diyos, mga bagay na walang halaga, upang mapawalang-saysay Niya ang mga bagay na mahalaga.

**2 Cor. 12:9-10**—At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin. [10]Kaya ako ay nalulugod sa mga kahinaan, sa mga pangungutya, sa mga pangangailangan, sa mga pag-uusig at mga paghihinagpis, alang-alang kay Kristo; sapagkat kung kailan ako mahina, saka naman ako malakas.

**2 Cor. 13:3-5**—Yamang naghahanap kayo ng katibayan ukol kay Kristo na nagsasalita sa loob ko, na hindi mahina tungo sa inyo kundi 1amakapangyarihan sa loob ninyo. [4]Sapagkat totoong ipinako Siya mula sa kahinaan, ngunit Siya ay nabubuhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sapagkat totoong kami ay mahihina sa loob Niya, ngunit kami ay mabubuhay na kasama Niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos na patungo sa inyo. [5]Subukin ninyo ang inyong sarili kung kayo ay nasa pananampalataya; patunayan ninyo ang inyong sarili. O hindi ba ninyo natatanto sa inyong sarili na si Hesu-Kristo ay nasa inyo, malibang kayo ay hindi aprobado?

**A. A. 8:6**—Ilagay mo akong pinakatatak sa iyong puso, pinakatatak sa iyong bisig; sapagkat ang pag-ibig ay kasinlakas tulad ng kamatayan, ang panibugho ay kasimbagsik na tulad ng Sheol. Ang mga liyab niyon ay parang mga liyab ng apoy, isang apoy na lumalagablab.

3. Kailangan ng Diyos ng isang bayang kaisa Niya, isang bayang laging nagpapasailalim sa Kanya, isinasagisag ng tinirintas na buhok (1:11), at masunurin sa Kanya na may pagpapasyang naibabagay sa pangyayari, isinasagisag ng leeg na may mga kuwintas na may mga hiyas (b. 10).
   **A. A. 1:11**—Igagawa ka namin ng mga gintong kuwintas, na may mga pilak na pahiyas.

   **A. A. 1:10**—Pinagaganda ng mga pahiyas ang iyong mga pisngi, ang iyong leeg ng mga kuwintas na may mga hiyas.

4. Kapag isinaalang-alang natin kung paano mararating sa pinakamataas na rurok ng dibinong paghayag, hindi tayo dapat magtiwala sa ating sarili kundi dumepende sa Panginoon bilang pag-ibig, kapangyarihan, at awa upang gawin tayong mga sisidlan ng awa, karangalan, at kaluwalhatian—Roma 9:16, 21-23.
   **Roma 9:16**—Kaya nga hindi ito sa kanya na may ibig, ni sa kanya na tumatakbo, kundi sa Diyos na naaawa.

   **Roma 9:21-23**—O wala bang awtoridad sa luwad ang magpapalayok na gumawa mula sa parehong limpak ng isang sisidlan sa ikararangal at isa pa sa di-ikararangal? [22]At paano kung ang Diyos, sa pagnanais na ipakita ang Kanyang poot at ipakilala ang Kanyang kapangyarihan, ay nagbatá ng maraming pagtitiis sa mga sisidlan ng kapootan na nararapat sa pagkawasak, [23]Upang maipakilala Niya ang kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian sa mga sisidlan ng awa, na Kanyang inihanda nang una pa tungo sa kaluwalhatian.

**III. Ang espiritwal na pakikidigma ay kinakailangan dahil ang kalooban ni Satanas ay salungat sa kalooban ng Diyos—Efe. 1:5, 9, 11; Mat. 6:10:**

**Efe. 1:5**—Itinatalaga tayo noong una pa tungo sa pagkaanak sa pamamagitan ni Hesu-Kristo tungo sa Kanyang sarili, ayon sa mabuting kaluguran ng Kanyang kalooban.

**Efe. 1:9**—Ipinaaalam sa atin ang hiwaga ng Kanyang kalooban ayon sa Kanyang mabuting kaluguran, na nilayon Niya sa Kanyang sarili.

**Efe. 1:11**—Na sa Kanya rin naman ay itinakda tayo bilang isang mana, itinatalaga noong una pa ayon sa layon ng Isa na gumagawa ng lahat ng bagay ayon sa pasya ng Kanyang kalooban.

**Mat. 6:10**—Dumating ang Iyong kaharian; mangyari ang Iyong kalooban, kung paano sa langit, *gayon* din sa lupa.

A. Karagdagan sa intensiyon ng Diyos, sa kalooban ng Diyos, may ikalawang intensiyon, ikalawang kalooban, sapagkat ang makasatanas na kalooban ay laban sa dibinong kalooban—Isa. 14:12-14.
**Isa. 14:12-14**—Ano't nahulog ka mula sa langit, O Tala sa Umaga, anak ng Umaga! Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpabagsak sa mga bansa! [13]Sinabi mo sa iyong puso, Ako'y aakyat sa langit; sa itaas ng mga bituin ng Diyos aking itatatag ang aking trono sa itaas; ako'y uupo sa bundok na pinagtitipunan, sa malayong hilaga. [14]Ako'y aakyat sa itaas ng mga kaitaasan ng mga ulap, gagawin ko ang aking sarili na gaya ng Kataas-taasan.

B. Ang lahat ng digmaan ay nagmumula sa tunggalian sa pagitan ng kalooban ni Satanas at kalooban ng Diyos.

C. Ang espiritwal na pakikidigma ay ang digmaan sa pagitan ng kaharian ng Diyos at ng kaharian ni Satanas; upang maitatag ang kaharian ng kalangitan, may pangangailangan ng espiritwal na pagkikipaglaban—Mat. 12:26, 28; Apoc. 12:11.
**Mat. 12:26**—At kung pinalalayas ni Satanas si Satanas, siya ay nahahati laban sa kanyang sarili. Paano kaya makatatayo ang kanyang kaharian?

**Mat. 12:28**—Subalit kung sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay nagpapalayas Ako ng mga demonyo, kung gayon ay dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos.

**Apoc. 12:11**—At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

D. Lumalakad tayo ayon sa katotohanan at sa pamamagitan ng biyaya, nabubuhay tayo sa loob ng pag-ibig at liwanag, at nakikipaglaban tayo upang supilin ang makasatanas kalooban—Efe. 4:1; 5:2, 8; 6:12.
**Efe. 4:1**—Kaya't namamanhik ako sa inyo, ako, na bilanggo sa loob ng Panginoon, na kayo ay lumakad nang karapat-dapat sa pagtawag na sa inyo ay itinawag.

**Efe. 5:2**—At lumakad kayo sa loob ng pag-ibig, gaya rin naman ni Kristo na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin, na isang handog at isang hain sa Diyos para sa isang mabangong samyo.

**Efe. 5:8** Sapagkat kayo noon ay kadiliman subalit ngayon ay liwanag sa loob ng Panginoon; lumakad kayo bilang mga anak ng liwanag.

**Efe. 6:12**—Sapagkat ang ating pakikipagbuno ay hindi laban sa dugo at laman kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga awtoridad, laban sa mga pinuno ng sanlibutan ng kadilimang ito, laban sa mga espiritwal na *puwersa* ng kasamaan sa sangkalangitan.

**IV. Upang matuos ang kaaway ng Diyos, kailangan tayong mapalakas ng kadakilaan ng kapangyarihan na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay at nag-upo sa Kanya sa sangkalangitan, sa kaiba-ibabawan ng lahat ng masasamang espiritu na nasa hangin—b. 10; 1:19-22:**

**Efe. 6:10**—Sa katapus-tapusan, magpakalakas kayo sa loob ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan.

**Efe. 1:19-22**—At kung ano ang humihigit na kadakilaan ng Kanyang kapangyarihan tungo sa atin na mga sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kapangyarihan ng Kanyang kalakasan, [20]Na sinanhi Niyang gumawa sa loob ni Kristo nang Siya ay ibinangon mula sa mga patay at pinaupo sa Kanyang kanang kamay sa sangkalangitan, [21]Sa kaiba-ibabawan ng lahat ng pamunuan at awtoridad at kapangyarihan at pagkapanginoon at ng bawat pangalan na ipinangalan hindi lamang sa kapanahunang ito bagkus maging sa yaon ding darating; [22]At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na *maging* Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia.

A. Ang katunayan na kailangan tayong mapalakas sa loob ng Panginoon ay nagpapahiwatig na sa ating sarili ay hindi tayo makalalaban sa espiritwal na digmaan laban kay Satanas at sa kanyang masamang kaharian; makalalaban lamang tayo sa loob ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan.

B. Ang pag-aatas na mapalakas ay nagpapahiwatig ng pangangailangang ensayuhin ang ating pagpapasya; kung mapalalakas tayo para sa espiritwal na pakikidigma, dapat maging malakas at naensayo ang ating pagpapasya—A. A. 4:4; 7:4.

**A. A. 4:4**—Ang iyong leeg ay gaya ng tore ni David, na itinayo upang pagtaguan ng mga sandata, na kinabibitinan ng libong kalasag, na ang lahat ay mga kalasag ng mga mandirigma.

**A. A. 7:4**—Ang iyong leeg ay gaya ng toreng garing. Ang iyong mga mata ay gaya ng mga tipunan ng tubig sa Hesbon, sa tabi ng pintuang-bayan ng Batrabbim. Ang iyong ilong ay gaya ng tore ng Lebanon na nakatanaw sa Damasco.

**V. Ang digmaan sa pagitan ng ekklesia at ni Satanas ay isang labanan sa pagitan nating mga umiibig sa Panginoon at nasa Kanyang ekklesia at ng masasamang kapangyarihan sa sangkalangitan—Efe. 6:12:**

**Efe. 6:12**—Sapagkat ang ating pakikipagbuno ay hindi laban sa dugo at laman kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga awtoridad, laban sa mga pinuno ng sanlibutan ng kadilimang ito, laban sa mga espiritwal na *puwersa* ng kasamaan sa sangkalangitan.

A. Ang mga pinuno, mga awtoridad, at mga pinuno ng sanlibutan ng kadilimang ito ay ang mga mapagrebeldeng anghel, na sumunod kay Satanas sa kanyang pagrerebelde laban sa Diyos at ngayo'y namumuno sa sangkalangitan sa ibabaw ng mga bansa sa sanlibutan—Col. 1:13; Dan. 10:20.

**Col. 1:13**—Na siyang nagligtas sa atin mula sa awtoridad ng kadiliman at naglipat sa atin tungo sa kaharian ng Anak ng Kanyang pag-ibig.

**Dan. 10:20**—Nang magkagayo'y sinabi niya, "Alam mo ba kung bakit ako'y pumarito sa iyo? Ngayo'y babalik ako upang makipaglaban sa pinuno ng Persia. At kapag ako'y tapos na sa kanya, narito, ang pinuno ng Grecia ay darating.

B. Kailangan nating matanto na ang ating pakikidigma ay hindi laban sa mga tao kundi laban sa masasamang espiritu, sa mga espiritwal na puwersa sa sangkalangitan.

**VI. Ang espiritwal na pakikidigma ay hindi isang indibidwal na bagay; ito ay isang bagay ng pagiging isang sama-samang mandirigma ng kasintahang babae ni Kristo—Efe. 6:13:**

**Efe. 6:13**—Kaya't kunin ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatagal sa masamang araw, at pagkatapos magawa ang lahat, ay tumayo.

A. Ang ekklesia ay isang sama-samang mandirigma, at ang mga mananampalataya na magkakasama ang bumubuo sa sama-samang mandirigmang ito; pagkatapos tayong mabuo nang sama-sama bilang isang hukbo, magagawa nating makipaglaban sa kaaway ng Diyos.
B. Ang estratehiya ng Diyos ay ang gamitin ang ekklesia bilang Kanyang hukbo upang labanan ang kaaway; ang estratehiya ni Satanas ay ang ihiwalay tayo sa ekklesia bilang hukbo ng Diyos.
C. Ang buong kutamaya ng Diyos ay para sa Katawan, hindi para sa mga indibidwal; tanging ang sama-samang mandirigma ang makapagsusuot ng buong kutamaya ng Diyos.

**VII. Upang lumaban sa espiritwal na digmaan, kailangan nating isuot ang buong kutamaya ng Diyos—b. 11:**

**Efe. 6:11**—Isuot ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga pakana ng diyablo.

A. Ang Diyos sa loob ni Kristo bilang realidad sa ating pamumuhay ay ang bigkis na nagpapalakas sa ating buong katauhan para sa espiritwal na pakikidigma—b. 14a.
**Efe. 6:14a**—Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran.

B. Ang baluti ng katuwiran na nagtatakip sa ating budhi at nagbabantay sa atin mula sa mga paratang ni Satanas ay si Kristo bilang ating katuwiran—b. 14b; 1 Cor. 1:30.
**Efe. 6:14b**—Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran.

**1 Cor. 1:30**—Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

C. Si Kristo ang kapayapaan para tayo ay maging kaisa ng Diyos at ng mga banal; ang kapayapaang ito ang matibay na pundasyon na nagbibigay-kakayahan sa ating tumayo laban sa kaaway—Efe. 2:15; 6:15.
**Efe. 2:15**—Pinawawalang-bisa sa Kanyang laman ang kautusan ng mga utos sa mga ordinansa, upang malikha Niya ang dalawa sa Kanyang sarili tungo sa isang bagong tao, *sa ganito ay* gumagawa ng kapayapaan.

**Efe. 6:15**—At nasasapnan ang inyong mga paa ng matibay na pundasyon ng ebanghelyo ng kapayapaan.

D. Ang pananampalataya ay isang kalasag laban sa mga nagliliyab na suligi ng kaaway; si Kristo ang May-akda at Tagapagpasakdal ng gayong pananampalataya—b. 16; Heb. 12:2.
**Efe. 6:16**—Bukod sa lahat ng ito, kinukuha ang kalasag ng pananampalataya, na siyang maipampapatay ninyo sa lahat ng nagliliyab na suligi ng masamang isa.

**Heb. 12:2**—Tumitinging palayo tungo kay Hesus, ang Maykatha at Tagapagpasakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa harap Niya ay tiniis Niya ang krus, hinahamak ang kahihiyan, at umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos.

E. Ang helmet ng kaligtasan na nagtatakip sa ating kaisipan ay ang nagliligtas na Kristo na nararanasan natin sa ating pang-araw-araw na buhay—Efe. 6:17a; Juan 16:33.

**Efe. 6:17a**—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na *ang Espiritu* ay ang salita ng Diyos.

**Juan 16:33**—Sinalita Ko sa inyo ang mga bagay na ito upang sa Akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay mayroon kayong paghihirap, ngunit lakasan ninyo ang inyong loob; dinaig Ko na ang sanlibutan.

F. Ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos, ay ang ating pansalakay na sandata na sa pamamagitan nito ay hinihiwa natin nang pira-piraso ang kaaway—Efe. 6:17b.

**Efe. 6:17b**—At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na *ang Espiritu* ay ang salita ng Diyos.

G. Ang panalangin ang namumukod-tangi, napakahalaga, at talagang kailangan na paraan kung saan iniaaplay natin ang buong kutamaya ng Diyos, ginagawang laan sa atin ang bawat aytem ng kutamaya sa isang praktikal na paraan—b. 18.

**Efe. 6:18**—Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

**VIII. Sa pamamagitan ng pagsusuot sa buong kutamaya ng Diyos, nagagawa nating tumayo laban sa mga pakana, masasamang plano, ng diyablo—bb. 11, 13-14:**

**Efe. 6:11**—Isuot ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga pakana ng diyablo.

**Efe. 6:13-14**—Kaya't kunin ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatagal sa masamang araw, at pagkatapos magawa ang lahat, ay tumayo. [14]Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran.

A. Ang umupong kasama ni Kristo ay ang makilahok sa lahat ng Kanyang naisakatuparan, ang lumakad sa loob ng Kanyang Katawan ay ang isakatuparan ang walang hanggang layunin ng Diyos, at ang tumayo sa Kanyang kapangyarihan ay ang lumaban sa kaaway ng Diyos—2:6; 4:1; 5:2, 8; 6:11, 13-14.

**Efe. 2:6**—At ibinangon *tayong* magkakasamang kalakip Niya at pinaupong magkakasamang kalakip Niya sa sangkalangitan sa loob ni Kristo Hesus.

**Efe. 4:1**—Kaya't namamanhik ako sa inyo, ako, na bilanggo sa loob ng Panginoon, na kayo ay lumakad nang karapat-dapat sa pagtawag na sa inyo ay itinawag.

**Efe. 5:2**—At lumakad kayo sa loob ng pag-ibig, gaya rin naman ni Kristo na umibig sa atin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa atin, na isang handog at isang hain sa Diyos para sa isang mabangong samyo.

**Efe. 5:8**—Sapagkat kayo noon ay kadiliman subalit ngayon ay liwanag sa loob ng Panginoon; lumakad kayo bilang mga anak ng liwanag.

**Efe. 6:11**—Isuot ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatayo laban sa mga pakana ng diyablo.

**Efe. 6:13-14**—Kaya't kunin ninyo ang buong kutamaya ng Diyos upang kayo ay makatagal sa masamang araw, at pagkatapos magawa ang lahat, ay tumayo. [14]Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang at suot ang baluti ng katuwiran.

B. Sa pakikipaglaban sa kaaway, ang pinakamahalagang bagay ay ang tumayo; pagkatapos magawa ang lahat, kailangan nating tumayo hanggang sa wakas.

**IX. Kailangan nating lahat na makita na sa pagbabawi ng Panginoon ngayon ay nasa isang labanan tayo; kailangan tayong makipagtulungan sa Panginoon upang labanan ang mga puwersa sa himpapawid ni Satanas nang sa gayon ay makapagtamo tayo ng higit pang Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo at sa paghahanda sa kasintahang babae ni Kristo, itinatatag at ipinalalaganap ang kaharian ng Diyos nang sa gayon ay makabalik si Kristo upang manahin ang lupa.**